

**Kartilyang makabayan : mga tanóng at sagot ukol kay Andres Bonifacio
at sa Kataastaasan, Kagalanggalang Katipunan ng mga Anak ng Bayan
/ sinulat ni Hermenegildo Cruz.**

Cruz, Hermenegildo.

Manila : S.P., 1922.

<http://hdl.handle.net/2027/miun.adt3553.0001.001>

HathiTrust



www.hathitrust.org

Public Domain in the United States

http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

This work is deemed to be in the public domain in the United States of America. It may not be in the public domain in other countries. Copies are provided as a preservation service. Particularly outside of the United States, persons receiving copies should make appropriate efforts to determine the copyright status of the work in their country and use the work accordingly. It is possible that current copyright holders, heirs or the estate of the authors of individual portions of the work, such as illustrations or photographs, assert copyrights over these portions. Depending on the nature of subsequent use that is made, additional rights may need to be obtained independently of anything we can address.

William

KARTILYANG MAKABAYAN



SINULAT
NI
HERMENEGILDO CRUZ

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

KARTILYANG MAKABAYAN

MĀA TANŌNG AT SAGOT UKOL

KAY

ANDRES BONIFACIO

AT SA

KATAASTAASAN, KAGALANGGALANG KATIPUNAN
NĒ MĀA ANAK NĒ BAYAN

*na nagturo at nagakay sa Bayang Pilipino sa Paghihimagsik
laban sa kapangyarihang dayo*

SINULAT NI

HERMENEGILDO CRUZ

(Ikalawang Tagapamatnugot nĒ Kuwanihan nĒ Paggawa)

MAYNILA, S. P.

1922

[Handwritten signature]

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

STOR

DS

675-5

.C95

64 Staebels
415-5427
Sen.
03-26-87
5-11-88

Ang unang pagpapalimbag ng **KARTILYANG MAKABAYANG** itó, sa kapahintulutan ng sumulat, ay ipinagawa ng "**Lupong Tagaganap**" ng **ARAW NI BONIFACIO**, 1922, upang ang salaping mapagbibilhan ay igugol sa bantayog (monumento) na itatayo sa pook na pinanganakan kay **Andrés Bonifacio**. Ang bilang ng saling ipinalimbag ay 5,000 at ang salaping kailangang likumin ukol sa nasabing pakay ay humigit kumulang sa **₱1,500.00**.

Maynila, 16 ng Nobyembre, 1922.

RAMON FERNANDEZ,
Pangulo.

FAUSTINO AGUILAR,
Kalihim.

GUILLERMO MASANGKAY,
Taga-Ingatyaman.

MGA KAGAWAD:

BIENVENIDO K. DOMINGO,
126 Tayuman, Tondo

IGNACIO SOL CRUZ,
409 Calle Telio, Tondo

PIO AREVALO,
1099 Antonio Rivera

DOMINGO PONCE,
55 El Dorado, Quiapo

ANDRES GOMEZ,
127 Palomar, Tondo

FAUSTO IGNACIO,
2446 Oroquieta, Sta. Cruz

VICENTE C. YUSON,
432 San Anton, Sampaloc

Ang kartilyang ito'y matatagpuan sa mga tindahan ng aklat at sa bahay ng mga kagawad ng lupong inilathala. Kung pakiyawan ay maaaring tumungo sa bahay ni G. Guillermo Masangkay, daang Alvarado, blg. 535, Maynila. Maybawas ang halaga kung pakiyawan. Ang mga taga lalawigan ay maaaring humingi na kasama ang halaga.

TUNTUNIN

	Mukha
Alay	7
Paunawa	9
I Kung sino si Andres Bonifacio	11
II Ang samahang nagturo at nagakay sa bayan sa paghihimagsik.....	14
III Ang palatuntunan ng "Katipunan"....	16
IV Mga aral ng "Katipunan".....	19
V Ang pagpapalaganap ng "Katipunan"..	22
VI Mga paraang ginagawa sa pagsapi sa "Katipunan"	25
VII Ang mahigpit na pakikibaka ng "Katipunan" sa kanyang kabuhayan.....	29
VIII Ang "Katipunan" at ang bayang maralita	34
IX Ang "Katipunan" at ang paguusig sa mga "mason"	37
X Ang Paghihimagsik	40
XI Tagumpay at Pahimakas	50
Dekálogo ni Bonifacio.....	62
Mga talang matatagpuan sa aklat na itó	63

I rinuulay sa mga
batat Kabinataang
nagsisi-pag-aral.

Nov., 1922. H. Cruz



Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

PAUNAWA

Isang araw, bago sumapit ang ika 30 ng Nobyembre ng taong 1921, na ginawang araw na pangilin mula noon ng ating mga Kinatawang tagapagbatás, lumapit sa akin ang mga anak kong nagsisipagaral sa mga paaralang-bayan at ibinalita ang ganito: "Bukas—anilá—wala kaming pasok. Pistá daw, tatay, ni Bonifacio." At saká pamanghang itinanóng sa akin: "¿Sino ba iyang si Bonifacio?"

Wari ako'y natubigan...

Nguni't hindi dapat pagtakhan ang pagkamanghang yaón ng mga batá, sapagka't sa ating mga paaralang-bayan, ang kabuhayan ni Andrés Bonifacio at ang kasaysayan ng "Katipunan" ay itinuturo ng pahalaw lamang sa mga nagsisipagaral na ng "septimo grado," na hindi ipinakikilala ang buong kasaysayan ng "Katipunan" at gayon din ang kanyang makabayang palatuntunan at matataas na aral na ipinunla sa bayan, na siyang nagturo't nagakay sa mga pilipino sa pagguhó ng kalupitan at pangbubusabos at nagtanim sa ating mga puso ng maningas na damdamin ng Kalayaan at Kasarinlan.

Sa maiikling pangungusap, ay aking ipinaintanto sa mga anak ko ang buong kabuhayan ni Andres Bonifacio at ang sanhi't katwiran kung bakit siya'y ibinubunyi ng ating lahi't Pamahalaan. Akin ding ipinakilala sa kanilá ang mga aral ng "Katipunan"; at isinaysay ang kapakinabangang natamó ng Bayang Pilipino sa paghihimagsik na pinamatnugutan ng kapisanang yaong itinatag at pinanguluhan ni Andrés Bonifacio.

¿Di kayá isang pangangailangan na ang mga isinaysay kong yaón sa aking mga anak ukol sa dakila't maningning na kasaysayan ng ating lahi, ay maipakilala rin naman sa madlang nagsisipagaral sa ating mga paaralan?

Itó lamang ang tangi kong hangad sa pagsulat ng munting aklat na ito.

HERMENEGILDO CRUZ

Tundo, Maynila
Nobyembre, 1922

APPENDIX

The first part of the appendix contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book. The second part contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book.

The third part of the appendix contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book. The fourth part contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book.

The fifth part of the appendix contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book. The sixth part contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book.

The seventh part of the appendix contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book. The eighth part contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book.

The ninth part of the appendix contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book. The tenth part contains a list of the names of the persons who have been mentioned in the text of the book.

KUNG SINO SI ANDRES BONIFACIO

1.—**Sino si Andres Bonifacio?**—Siya'y isáng tunay na pilipino na ipinanganak noong ika 30 ng Nobiyembre ng 1863 sa isáng bahay na pawid sa pook na nasa sa harap ng himpilan ngayón ng pero-karil sa daang Azcárraga, Tundó, Maynila. Ang kanyang amá'y nagnangalang Santiago Bonifacio na ang hanap-buhay ay sastré at ang kanyang ina nama'y Catalina de Castro. Mga taal na taga Maynila.

2.—**Nagkaroon ba siya ng mga Kapatid?**—Apat: sina Ciriaco, Procopio, Petrona at Troadio. Ang dalawang una at itong huli'y patay na at ang babai ay buhay pa. Ang babang ito ay siyang naging asawa ng nasirang bayaning si Teodoro Plata, isá sa mga masik-hay na kasama ni Andrés Bonifacio.

3.—**Ano ang kabuhatan ni Bonifacio?**—Ang kaniyang mga magulang ay mga taong dukha kaya't siya nama'y isang taong mahirap.

4.—**Ano ang kanyang Napagalaran?**—Siya'y nagaral sa paaralan ng gurong si G. Guillermo Osmeña, sa pook ng Meisik, Binundok, Maynila. Datapwa nang siya'y tumutuntong na sa ika 14 na taon, ay namatay ang kanyang mga magulang at dahil dito'y naputol ang kanyang pagaaral. Siya noo'y maalam nang bumasa at sumulat ng wikang sarili (tagalog) at kastila.

5.—**Ano ang kanyang ginawa ng siya'y maulla na?**—Upang siya'y mabuhay at sampu ng kanyang mga kapatid, binatak ang sariling buto't siya'y nagbili ng mga tungkod (baston) at mga pamaypay na papel na ginagawa niya sa loob ng kanilang bahay. Gayon din ang ginawang hanap-buhay ng kanyang mga kapatid.

6.—**Ano pa ang kaniyang ginampanang gawain upang mabuhay?**—Nang si Bonifacio'y nakapagsanay na sa pagsulat, siya'y nasok na utusan sa bahay kalakal ni Fleming, at pagkaraan ng ilang panahon ay ginawa siyang kinatawan ng nabanggit na bahay-kalakal sa pagbibili ng sahing, yantok, at iba pa.

7.—**Nanatili ba siya sa tungkuling ito?**—Hindi. Nang lumipas ang ilang panahon siya'y naging kawani (personero) sa bahay-kalakal nina Fressell & Co., na nalalagay sa daang Nueva, blg. 450, Maynila. Ang sinasahod niya'y mga labingdalawang piso lamang sa isang buan. Patuloy pa rin siya sa paggawa ng mga tungkod at pamaypay, na itinitinda ng kanyang mga kapatid.

8.—**Anong katanġian, bukod sa kanyang hanap-buhay, ang tinataglay ni Bonifacio?**—Siya'y mahiliging magsulat sa sariling wika at may magandang ayos ang kanyang sulat. Dahil dito, nakatutulong sa kabuhayan nilang magkakapatid ang paggawa ng mga tatak at paunawa sa mga kayong ipinagbibili rito sa atin.

9.—**Siya ba'y mahiligin sa pagbabasa ng mga aklat?**—Oo. Nguni't ang kaniyang kinahihimalingang basahin ay yaong mga aklat na nakapagtuturo ng kabayanihan, tulad ng Kasaysayan ng himagsikan sa Pransiya, "Las Ruinas de Palmira," "Los Miserables," ni Victor Hugo, "El Judio Errante," Biblia, ang mga aklat ni Rizal at iba pa. Siya'y mahiliging totoo sa pagbabasa. May mga gabing halos di nakakatulog sa pagbabasa.

10.—**Siya ba'y nagkaasawa?**—Oo. Ang naging kabyak ng kanyang pusó'y pinapalawayan ng Oriang (Gregoria de Jesus) na ang sagisag "Lakambini," tagá Kalookan. Sila'y nagkaroon ng isang anak na namatay.

11.—**Ano't idinadakila ng Bayang Pilipino si Andrés Bonifacio at siya'y ipinalalagay na dakilang Bayani sa piling ni Rizal?**—Sa-pagka't siya ang nagtayo at nahalal na pangulo ng "Kataastaasan, Kagalanggalang Katipunan ng mga Anak ng Bayan," na pinagkautangan ng Bayang Pilipino ng kabayanihan sa pagusig ng kaniyang ikalalaya. "May-pagasa" ang sagisag niya na "nangyari" bago siya mamatay.

ANG SAMAHANG NAGTURO AT NAGAKAY SA BAYAN SA PAGHIHIMAGSIK

12.—**Kailan at saan itinayo ang “Samahang Kataastaasan, Kagalanggaláng Katipunán ng mga Anak ng Bayan”?**—Noong ika 7 ng Hulyo ng 1892, sa bahay na kinatirhan ni Deodato Arellano, na nasa daang Azcarraga, bilang 64, Binundok, Maynila.

13.—**Ano’t itinayo ang Samahang binanggit?**—Ganitó ang nangyari: si Rizal ay lumunsad sa Maynila ng ika 26 ng Hunio ng Taong 1892. Pagkaraan ng mahigit sa isang linggò, noong ika 6 ng sumunod na buwan ng Hulyo, si Rizal ay ipinatawag ni General Despujol, na siyang pinaka-mataas na pinuno ng Kastila dito sa atin noon at siya’y ipinapiit sa Fuerza de Santiago. Ang mga tunay na pangungusap ni Rizal sa nangyari sa kanyang itó ay gayari, ayon sa sulat din niya, na inihiyag ng kanyang matalik na kaibigan, ang nasirang si Mariano Ponce: “Noong miyerkoles—ani Rizal sa kanyang talaan—itananong sa akin (ni General Despujol) kung ako’y nagpupumilit na magbalik sa Hongkong. Sinagot ko siya ng oo. Makaraan ang ilang salitaan sinabi sa akin na akó raw ay maydalang mga proklama (mga pahayag) na kasama ng aking mga damit at ariarian. Sinagot ko siya ng hindi. Itinanong sa akin kung kainino yaong mga unan at banig, isinagot kong sa aking kapatid. Dahil dito, ipinatanto sa aking ako’y kanyang ipabibilanggo sa Fuerza de Santiago.” Si Rizal nga’y ibinilanggo. Nang maalaman ito ni Andrés Bonifacio ay nagalab ang kanyang loob. Pinulong sina Ladislao Diwa, Valentin Diaz, Ildefonso Laurel at si Deodato Arellano sa bahay na binanggit na may bilang 64, daang Azcarraga, at itinatag nila ang “Katipunan,” na siyang pamagat sa daglian ng binanggit na samahan.

14.—**Ano ang pakay ng “Katipunan”?**—Pagsamasamahin ang kalooban ng mga pilipino sa isang layunin, “upang sa pagkakaisang ito’y magkalakás na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landás ng katwiran at kaliwanagan”.

15.—**Ano ang ibig sabihin niyang “matuklasan ang tunay na landas ng katwiran at kaliwanagan”?**—Ang ibig sabihi’y iguho ang kapangyarihang makahari ng España na nakasakop sa Pilipinas at ang bayan natin ay magsarili sa kanyang kapangyarihan.

III

ANG PALATUNTUNAN NG "KATIPUNAN"

16.—May sarili bang palatuntunan ang "Katipunan"? Oo. Náitó:

Dakíla ang pakay ng "Katipunan"

"Sa pagkakailanġan na ang lahat na nag-iibig pumasok sa katipunang itó, ay magkaroon ng lubós na pananalig at kaisipán sa mġa layong tinutunġo at mġa kaaralang pinaiiral, ay minarapat na ipakilala sa kanilá ang mġa bagay na itó, at ng bukas makalawa'y huwag silang magsisi at tuparing maluwag sa kaloohan ang kanilang mġa tutungkulin."

"Ang kabagayang pinaguusig ng Katipunang itó ay lubós na dakíla at mahalagá; pag-isahín ang loob at kaisipán ng lahat ng tagalog. (Sa salitang "tagalog," katutura'y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang itó; sa makatwid, "bisaya" man, "iloko" man, "kampangpanġan" man atb., ay "tagalog" din.)"

"Alang-alang sa mġa pagkukurong itó, kami'y payapang naghihintay ng pagwawagi ng damdaming makabayan ngayon at sa hinaharap, sa pamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito'y magkalakás na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landás ng Katwiran at Kaliwanagan."

Una sa lahat ang pagibig sa bayan

"Dito'y isá sa mġa kauna-unahang utos, ang tunay na pag-ibig sa bayang tinubuan at lubós na pagdadamayan ng isa't isá."

Pantaypantay ang lahat

"Maralita, mayaman, mangmang, marunong, lahat dito'y magkakapantáy at tunay na magkakapatid."

Ang buhalhal na kaugallian

"Kapagkarakang mapasok dito ang sino man, tatalikdang pilit ang buhalhál na kaugallian, at paiilalim sa kapangyarihan ng mġa banál na utos ng Katipunan."

"Ang gawang lahat na laban sa kamahallan at kalinisan, dito'y kinasusuklaman; kaya't

sa bagay na ito'y ipinailalim sa masigasig na pakikibalita ang kabuhayan ng sino mang nag-iibig makianib sa Katipunang itó."

Hindi tinatanggap ang mga taksil

"Kung ang hangad ng papasok dito'y ang tumalastás lamang ng mga kalihiman nitó, o ang kilalanin ang mga naririto't ng maipagbili sa isang dakot na salapi, huwag magpatuloy, sapagka't dito'y bantaín lamang ay talastás na ng makapál na nakikiramdam sa kaniyá, at karakarakang nilalapatan ng mabisang gamot, na laán sa mga sukaban."

Ayaw sa mga mabunġanġa

"Dito'y gawa ang hinahanap at gawa ang tinitingnán; kaya't hindi dapat pumasok ang di makagagawa, kahi't magalíng magsalita."

Hindi kaginhawahan kungdi kahirapan at mabibigat na tungkulin

"Ipinauunawa rin, na ang mga katungkulan ginaganap ng lahat ng napapasok sa Katipunang itó, ay lubhang mabibigát, lalonglalo na kung gugunitain na di mangyayaring maiwasan at walang kusang pagkukulang na di aabutin ng kakilakilabot na kaparusahán."

"Kung ang hangad ng papasok dito, ang siya'y abuluyan ng ginhawa't malayaw na katahimikan ng katawan, huwag magpatuloy, sapagka't mabigát na mga katungkulan ang matatagpuan, gaya ng pagtatangkilik sa mga naaapi at madaluhong na paguusig sa lahat ng kasamaan; sa bagay na itó ay aabutin ang maligalig na pamumuhay."

"Di kaila sa kanġino pa mán ang mga nagbalang kapahamakán sa mga tagalog na nakaiisip nitong mga banál na kabagayan (at hindi man), at mga pahirap na ibinibigay ng naghaharing kalupitán, kalikuan at kasmaán."

Ang halaga ng "kuota"

"Talastás din naman ng lahat ang pagkakailanġan ng salapi, na sa nġayo'y isá sa mga unang lakás na maaasahan; magbibigáy buhay sa lahat; sa bagay na itó, kinakailanġan ang lubós na pagtupád sa mga pagbabayaran; piso sa pagpasok at sa buwan-buwan ay sikapat."

Ang salaping itó'y ipinagbibigay alam ng nag-iingat sa tuwing kapanahunan, bukód pa sa mapagsisiyasat ng sino man, kailan ma't ibigin. Di makikilos ang salaping ito, kung di pagkayarian ng karamihan."

Ipagtangkilik ang kagalingan

"Ang lahat ng pinagsaysay ay dapat gunitain at mahinahong pagbulaybulayin, sapagka't di magaganap at di matitiis ng walang tunay na pag-ibig sa tinubuang lupa ang tunay na adhikang ipagtangkilik ang Kagalingan."

"At ng lalong mapagtimbang ng sariling isip at kabaitan, basahin ang sumusunod na:

IV

MGA ARAL NG "KATIPUNAN"

17.—**Bukod sa Palatuntunan, may mga sariling aral бага ang "Katipunan" sa Bayan?—Oo.** Tunghan ang mga sumusunod:

Ang dapat nating asalin sa kabuhasan

"Ang kabuhasang hindi ginugugol sa isang malaki at banal na kadahilanan, ay kahoy na walang lilim, kung di damong makamandag."

Kailan nagiging kabaitan ang gawang magaling

"Ang gawang magaling na nagbubuhay sa pagpipita sa sarili, at hindi sa talagang nasang gumawa ng kagalingan, ay di kabaitan."

Ang tunay na kabanalan

"Ang tunay na kabanalan ay ang pagkawanggawa, ang pag-ibig sa kapwa at ang isukat ang bawa't kilos, gawa't pangungusap sa talagang Katuwiran."

Ang mga tao'y magkapantaypantay

"Maitim man at maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyayaring ang isa'y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda nguni't di mahihigtan sa pagkatao."

Ang may kaloobang dakila

"Ang may mataas na kalooban ay inuuna ang puri sa pagpipita sa sarili: ang may hamak na kalooban ay inuuna ang pagpipita sa sarili sa puri."

Dapat magkaroon ng isang pangungusap

"Sa taong may hiya, salita'y panunumpa."

Ang panahon ay ginto

"Huwag mong sasayanin ang panahon; ang yamang nawala'y mangyayaring magbalik; nguni't panahong nagdaan na'y di na muli pang magdaraan."

Dapat sumapling ng inaapi

"Ipagtanggol mo ang inaapi, at kabakahin ang umaapi."

Ang matalino'y mahinahon

"Ang taong matalino'y ang may pagiingat sa bawat sasabihin, at marunong ipaglimang ang dapat ipaglimang."

Ang amá ay siyang pinapariisan ng mga anak

"Sa daang matinik ng kabuhayan, lalaki ay siyang patnugot ng asawa't mga anak; kung ang umaakay ay tungo sa samâ, ang patutu-
nguhan ng inaakay ay kasamaan din."

Ang katungkulan ng lalaki para sa babai

"Ang babai ay huwag mong tignang isang bagay na libangan lamang, kungdi isang katuwang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitan mo ng buong pagpipitagan ang kaniyang kahinaan, at alalahanin ang inang pinagbuhata't nagiwi sa iyong kasangkulan."

Ang ayaw mong gawin sa iyo. . . .

"Ang di mo ibig na gawin sa asawa mo, anak at kapatid, ay huwag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba."

Ang tunay na kamahalan ng tao

"Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangos ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing "kahalili nang Diyos," wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa; wagas at tunay na mahal na tao, kahi't laking gubat at walang nabatid kungdi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaapi't di nakikiapi, yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa buhay tinubuan."

Ang katumbasan ng buhay na ginugol

"Paglaganap ng mga aral na ito at mangingning na sumikat ang araw ng mahal na Kalayaan dito sa kaababang Sangkapuluan, at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkalahi't magkakapatid ng ligayang walang katapusán, ang mga ginugol na buhay, pagod at mga tiniis na kahirapa'y labis ng natumbasan."

KASULATAN SA PAGSAPI

"Kung lahat ng itó'y matarok na ng nagiiibig pumasok at inaakala niyang matutupad ang mga tutungkulin, maitatala ang kaniyang ninanasâ sa kasunód nito:

"Sa Bg.

Ako'y si
taong tubò sa bayan ng
hukuman ng ang katandaan ko
ay taon, ang hanap buhay
ang kalagayan at nananahanan sa
..... daan ng

Sa aking pagkabatid ng kagalingan ng mga nilalayon at mga aral, na inilalathala ng KATI-PUNAN NG MGA A. N. B., ninanais ng loob ko ang makianib dito. Sa bagay na ito'y aking ipinamamanhik ng boong pitagan, na marapating tanggapin at mapakibilang na isa sa mga anak ng Katipunan: at tuloy nangangakong tutupad at paiilalim sa mga aral at mga Kautusang sinusunod dito.

..... ika ng buwan
ng ng taong 189...

Nakabayad na ng ukol sa pagpasok.

Ang Tagaingat ng Yaman."

KASULATAN SA PANUNUMPA

K.: K.: K.:

N.: M.: A.: N.: B.:

By

Aking ipinahahayag na sa kadahilanan ng pagkapasok ko sa K.: K.: K.: ng mga A.: N.: B.: ay naghandog ako ng isang mahalagang panunumpa sa ngalan ng Bayang tinubuan, at sa harap ng isang kagalanggalang na kapulungan nitong Katipunan, na gugugulin ang lahat na maigugugol at lahat ng minamahal ko sa buhay, sa pagtatanggol ng kaniyang banal na kasarinlan, hanggang sa abuting magdiwang, sukdang ikalagot ng hini-nga. Sa bagay na ito, isinusumpa ko ring lubos na tutupad at susunod sa kaniyang Patnugutan at mga Kautusan.

Sa katunayan nitó, aking itinala ang aking pangalan ng tunay na dugong tumatakás sa aking mga ugat sa pahayag na itó.

..... ika
araw ng buwan ng ng taong 189...

"Tinaglay ko ang pamagat na."

V

ANG PAGPAPALAGANAP NG "KATIPUNAN"

18.—**Sinosino ang nagpalaganap ng "Katipunan"?**—Si Andres Bonifacio at ang kanyang mga tapat at masisikhay na kasama na paraparang dukha na katulad niya. Ang pinakabatikan sa lahat ay si Emilio Jacinto, na kailihim ng "Katipunan."

19.—**Matuturingan ba natin kung sinosino sila?**—Oo. Ang unang tinanggap sa "Katipunan" ay si Restituto Javier, sa isang bahay sa daang Salinas (ngayo'y Elcano) sa Tundo, na tahanan ng isa sa mga nagtatag na si Valentin Diaz. Sumunod si Miguel Araulio, pamangkin ng ngayo'y Pangulo ng Kataastaasang Hukuman. Pagkatapos ay siná Aguedo del Rosario, Aurelio Tolentino, Guillermo Masangkay, Alejandro Santiago, Briccio Brigido Pantas, José Turiano Santiago, Calixto Santiago, Emilio Jacinto, Nicomedes Carreon, Francisco Carreon, Mariano Carreon at iba pa.

20.—**Mula ba ng itatag ang "Katipunan" ay nagpatuloy sa pagpapalaganap ang mga nangangatawan?**—Hindi. Nang mga sumunod na buwan ng pagkakatatag ay di nagpamalas ng kanyang pagsulong, pagka't ang nais ni Bonifacio ay huwag makapinsala sa pagpapalaganap ng "Liga Filipina," na itinatag ni Rizal at mga litaw na kababayan, karamihan ay mason, bago sumilang ang "Katipunan." Bago pa itatag ito ay may itinatag pang ibang kapisanan sina Bonifacio.

21.—**Kailan pinangatawanan ang pagtatatag?**—Nang mapagkilala ni Andrés Bonifacio na nawawalan ng kabuluhan ang pagsisikap bagay sa "Liga." Kaya, naghalal na ang Katipunan ng kanyang mga kinatawan sa isang bahay sa daang Oroquieta, nayon ng Santa Cruz, May-

nila. At ng̃ sumunod na taong 1894, ay napatatag na ng̃a ang m̃ga Balangay at Sangguniang Bayan.

22.—At ano pa ang kanilang ginawa?—

Itinatag na rin ang Tatlong Baytang ng̃ “Katipunan”. Naitó: “Katipunan” ang pamagat ng̃ unang baytang. Kung nasa pulong ang m̃ga kasama sa baytang na itó, ay gumagamit ng̃ isáng kaputsang itim na may isáng triángulo na kinalalagyan ng̃ m̃ga titik na “Z,” “L” at “B,” na ang kahulugan ay “Anak ng̃ Bayan.” Sila’y may m̃ga hudyat na salita na pinagkakakilanlanan. Kapag binigkás ang salitang “Anak” ang isinasagot ng̃ tinatanong ay “ng̃ Bayan.” “Revolver,” sandata o gulok ang tinataglay ng̃ m̃ga nagsisidaló sa pulong ng̃ baytang na itó.

“Kawal” naman ang pamagat ng̃ Ikalawang Baytang. Lungtian ang kulay ng̃ kaput-sa na ang kahulugan ay pag-asa. Puti ang sintás at m̃ga titik ng̃ triángulo. May suot na sintás na lungtian na sa dulo ay may isang “medalla” na may isang “K” sa gitna at may sinag at sa dakong mababa ay nakakabit ang magkasabát na isáng watawat at espada. Ang m̃ga hudyát o mahal na salita’y “Gom-Bur-Za,” na ang katutura’y Gomez, Burgos at Zamora, tatlong paring pilipino na ipinabitay ng̃ pamahalaang Kastila ng̃ ika 28 ng̃ Pebrero, 1872, kahima’t di tunay ang ibinubuhát na kasalanan sa kanila.

Pinamagatang “Bayani” ang Ikatlong Baytang. Kaputsang pulá na may listong lungtian ang isinusuot ng̃ m̃ga kasapi. “Rizal” ang hudyat na salita, bilang pagtutol sa walang katwirang pakakapabilanggó sa kanya. Itinatag ng̃ araw ding iyon (ika 7 ng̃ Hulyo, 1892) ang “Katipunan.” Ang m̃ga kasapi sa ikatlong baytang na ito, ay siya lamang nakatatalos ng̃ m̃ga tunay na adhikain ng̃ “Katipunan.”

23.—Sa papaanong paraan nagkakakilanlan ang mga magkakasama sa “Katipunan”?

—May isáng paraan. Upang magkakilanlan ang mga magkakasapi ay itinatagop ang kanang kamay sa dibdib sa tapat ng puso at kung gapós—noong panahon ng kastila’y ginagapos ng abot-siko ang sino mang hulihin kahit sa anong kasalanan—ay itinitiklop ang mga daliri, maliban lamang ang hintuturo at ang kalingkingan na paraparang inausli.

24.—Sinosino naman ang nagsisibuo ng “Katipunan”?—Sa bawa’t bayan ay may mga “Balangay,” at “Sangguniang Hukuman,” na siyang kapangyarihang nagaayos at humahatol sa mga sigalot at alitan ng magkakapatid sa loob ng “Katipunan.” Ang mga balangay ay nasasakupan ng Kataastaasang Panguluhan na pangsangkapulan.

25.—Sa papaanong paraan ginagawa ang pagkuha ng kasapi?—Sa bawa’t pook ay nagtatayo ng isáng wari’y lupon na kung tawagin ay “Hasik” na binubuo ng tatlo katao na parang tatlong tungko. Ang “Hasik” na ito ang siyang sa inot-inot ay nanghihikayat upang may sumapi sa “Katipunan.” Pagdamidami na ng mga kasangayon ay saka pa lamang itinatayo ang “Balangay” na pinamumunuan ng isáng lupon na ang mga tunkulin ay tulad din ng sa Kataastaasang Lupon. Ang mga “Hasik” na yaon, ay di na ipinagpatuloy ng malapit na ang tangkang panahon sa paghihimagsik, pagka’t ang mga taong baya’y halos naguunahan nang sila’y mapabilang sa “Katipunan.”

VI

MGA PARAANG GINAGAWA SA PAGSAPI SA "KATIPUNAN"

26.—**Papaano ang pagsapi?**—Sa pagtanggap nã pakikisapi ay tinularan, bagama't di lubós, ang ginagawa nã "Masonería." Bawa't kasapi ay may mahigpit na tungkuling manghikayat nã bagong makakasama at sa pananagutan niya ay inihaharap sa "Balanãay" ang kanyang nahikayat. Datapwa, bago gawin ito ay sinusuri munang mabuti ang ugali, pagkukuro, kalagayan at kabuhayan nã isasapi at bakadi kabagáng nã mãga taong "Katipunan." Kung mapatunayan na siya'y may tapat na loob ay saka pa lamang gagawin ang pagtanggap.

27.—**Papaano ang ginagawa sa pagtanggap?**—Ang bagong kasapi'y pinipiringan at ipinapasok sa isáng silid na itiman ang kulay nã mãga panig at bahagya nang naiilawan, pagkatapus ay inaalisan nã piring. Sa mãga panig nã silid ay may mãga nasusulat na ganitó:

"Kung may lakás at tapang, ikaw'y makatutuloy"

"Kung ang paguusisa ang nagdalá sa iyó dito'y umurong ka."

"Kung di ka marunong pumigil nã iyong masasamang hilig, umurong ka; kailan man ang pintuan nã May-kapangyarihan at Kagalangalang Katipunan nã mãga Anak nã Baya'y bubuksan dahil sa iyó."

Sa ibabaw nã isáng dulang ay may isáng bungô, isáng "revolver" at isáng gulok. May isáng papel na kinasusulatan nã mãga sumusunod na tanong:

I—"Anó ang kalagayan nitóng Katagalugan nã unang panahon?
(Sa salitang Katagalugan ay kasama na ang Kabisayaan, Kailokohan at lahat na nã Kapilipinuhan.)

II—"Anó ang kalagayan sa ngayon?

III—"Anó ang magiging kalagayan sa darating na panahon?

28.—At anoano ang isinasagot sa m̃ga tanong na iyan ñg ibig sumapi?—Ang kasagutan, humigit kumulang ñg sino mang ibig sumapi, ay ganito:

Ukol sa unang tanong: Na, nang dumating dito sa atin ang m̃ga Kastila ñg ika 16 ñg Marzo ñg taong 1521, ang m̃ga pilipinong naninirahan sa m̃ga baybayin ay may pagkaalam na sa maayos na kabuhayan at pamamayan. Noon ñga, tayong m̃ga pilipino ay may kalayaan na sa pamamayan; may m̃ga kanyon; maalam na tayong magsuot ñg m̃ga damit na sutla; nakikipagunawaan na tayo sa pangangalakal sa m̃ga karatig na bayan sa Asia. Tayo'y maysariling pananampalataya o relihiyon, may sariling titik o sulat, na anopá't lumalasap tayo ñg kalayaan at kasarinlan.

Ukol sa ikalawang tanong: Na ang m̃ga fraile na kung tawagin ay m̃ga "kahalili" raw, sila ñg "Diyos", ay pawang kabalbalan ang itinuró sa m̃ga pilipino. Hindi tayo tinuruan ñg tunay na Karunungan sa buhay at pamamayan, sapagka't kung tayo'y mangatuto ay hindi nila mauulol at sa ganya'y di nilá mahuhuthot ang ating kayamanan. Ang itinuro sa atin ñg m̃ga "fraile" ay ang maling pananampalataya na nakikilala sa pagdaraos ñg sunodsunod na m̃ga pistá na kinahuhulugan ñg ating salapi at kayamanan sa kapakinabangan ñg m̃ga "fraile" at Kombento. Ang m̃ga "fraile" ay siyang mahigpit na kalaban ñg ikatatalino at ikabibihasa ñg pilipino (tagalog kung isulat ñg m̃ga Katipunan) na sa katunaya'y ayaw sila na tayo'y mangatuto ñg wikang kastila. Anopá't lahat na ñg karaingan sa panglulupig, panggagahasa, m̃ga kasagwaan, pagtingin sa pilipino na parang ibá sa pagkatao kaysa m̃ga Kastila na ginagawa ñg m̃ga "fraile" ay siyang isinasaysay sa ikalawang tanong na ito. Sa kahulihuliha'y idinadaing din naman ang malabis na pagkiling ñg pamahalaang kastila sa m̃ga "frayle," pag-sunod sa kanilang m̃ga bilin laban sa bayan, paniniwala sa m̃ga sumbong ñg m̃ga yaon, kahima't lisyá sa matwid, at pagtanggí na ang m̃ga pilipino ay bigyan ñg kalayaan sa pamamayan, at sa paggawa ñg ikalulusog sa dunong, sa buhay at sa pangangalakal.

Ukol sa ikatlong tanong: Na ang madlang kasamaang binanggit sa mga naunang tanong ay malulunasan; ang mga lupang malalawak na inangkin ng mga kombento sa ating mga ninuno ay mapapasauli sa bayan; ang mga mamamaslang ay maibubulid sa bangin ng kamatayan; ang mga paring kababayang sina Gomez, Burgos at Zamora ay maipaghihiganti at ang kalayaan at kasarinlan ng Bayang Pilipino ay matatamo sa hinaharap kung ang mga kasapi ay maypagasa, tiyaga, tapang at pagkakaisa sa pagsunod sa mga aral at pasyá ng "Katipunan."

29.—**Kung makasagot na ba ng ganyan ay tinatanggap na?**—Hindi pa rin. Ang kapatid na "Mabalasik" ay siyang nagsasabi sa sinusubukan na lubhang dakila ang hakbang na yaon sa kanyang buhay. Ipinaaalaala na siya'y maaaring umurong kung walang taglay na tapang, upang huwag masayang ang kanyang buhay. Kung ang sumasapi ay magpumilit din sa paganib sa "Katipunan," ay saka siya' ihaharap, na may piring din, sa mga kapatid na nanagkakatipon nang siya'y tanggapin. Ang tapang at kabuoan ng kanyang loob ay sinusubok sa ilang paraan. Minsa'y bigyan ng gulok at iutos na tagain ang kalaban na pumapaslang sa mga kalahi; naiyan ang sabihin na saklolohan ang kapatid na makukulong ng apoy, na, sa pagsasalita ng gayon, ay talagang nagsusunog ng mga papel upang maramdaman ang init ng ningas ng sinusubukan. Kung hindi magpakitang takot, aalisan na ng piring at palalagdain sa kasulatan ng panunumpang inilathala sa unahan, na ang pinakatinta ay dugong kinukuha ng isang patalim sa kanyang kaliwang bisig.

30.—**Anong wika ang ginagamit ng mga kasapi sa "Katipunan"?**—Ang tagalog; nguni't ang kahulugan ng ilang titik ng abakadang kasila ay iniba sa kanilang pagsulat ng mga kasulatan at gayondin sa paglagda ng kanilang mga sagisag. Ang titik na "a" ay ginawang "z", ang "c" at "q" ay ginawang "k", ang "i" ay "n", ang "l" at "ll" ay "j" ang "m" ay "v",

ang "n" ay "ll", ang "o" ay "c" at ang "u" ay "x". Ang f, j, v, x at z ng abakadang kastila ay itinakwil pagka't hindi kailangan. Sa maliwanag na ulat ay ganito ang Abakada (alfabeto) ng "Katipunan" kung itutulad sa abakada ng wikang Kastila.

*Abakada
ng kastila*

*Abakada
ng "Katipunan"*

A		Z
B		B
C		K
D		D
E		Q
G		G
H		H
I		N
K		K
LL		J
M		V
N		LL
O		C
P		P
Q		K
R		R
S		S
T		T
U		X
W		W
Y		Y

VII

ANG MAHIGPIT NA PAKIKIBAKA NG "KATIPUNAN" SA KANYANG KABUHAYAN

31.—**Tinanggap ba ng lahat na Pilipino ang mga Palatuntunan, Aral at Gawain ng "Katipunan"?**—Hindi. Gaya ng sinabi na, ang "Katipunan" ay itinatag noong ika 7 ng Hulyo ng 1892. Sa buong taong sumunod, 1893 ay hindi pa lumalaganap, sanhi sa maraming kadahilanan.

32.—**Maari bang isaysay?**—Oo. Ang kaunaunahan ay ang kabaguhan ng layunin at paraan ng samahan, gaya ng nakita na natin, ay may kahirapang ilaganap sa bala na kundi pipiliin muna bago hikayatin. Tangi sa rito, si Bonifacio na rin ang kusang nagpauntol-untol sa pamanhik ng mga kababayang nagsisibuo noon ng "Liga Filipina," na lahat halos ay mga pilipinong litaw, nakakakaya't may pinag-aralan, na nagsisiasang sa pamamagitan ng "Ligang" yaon, ay makukuha ng bayang pilipino "sa loob ng kapayapaan" ang pagsugpo sa masasama't hidwang pamamalakad dito sa atin ng pamahalaang kastila at ng mga "fraile." Ganito ang pangunang layon ng "Liga Filipina" na itinatag nina Rizal at mga kapatid niyang "masón" at iba pa. Si Bonifacio man ay naging kasapi rin doon.

33.—**Di ba't ang "Katipunan" ay humuwad sa "Masoneria" ng pamamaraang ginagamit nito sa pagtanggap ng kasapi at gayondin sa ilang kuro ng kaniyang adhikain?**—Oo na nga. Subali't ang kapatiran ng mga "masón," ay kasalungat ni Bonifacio ukol sa paraan na kinakailangang gamitin upang maghari dito sa Pilipinas ang Katwiran at Kalayaan at masugpo ang kalupitan at kasamaang inaasal ng mga "fraile" at ng Pamahalaang Kastila sa pilipino. Ang "Masoneria" at ang "Katipunan" ay nagkakaisa sa kanilang hangad na pagtubós sa

Bayang Pilipino. Datapwa, ang una'y ibig makuha ang katubusang yaón sa loob ng kapayapaan sa pamamamagitan ng pagpapalaganap ng kaniyang magaganda't makataong simulain; samantalang ang nais at hanġad ng huli'y ang paghihimagsik, yayamang napagkita na rin lamang na ang mġa naghahari noon dito sa atin—ang pamahalaang Kastila't mġa "fraile"—ay hindi makuha sa samo, pakiusap at pangangatiwiran, bagkús ang itinutugón sa ginawi ng mġa "masong" siná Rizal, Del Pilar, Lopez Jaena, Regidor, Cortez at ibá't ibá pa ay ang sila'y ipalagay na "kaaway ng España at ng Dios," at marami sa kanilá at sa kanilang mġa kabig ang napabilanggo, napatapon sa malalayong bayan at pinapagdusa sa mġa bilangguan. kahima't walang nagawang kasalanan.

34.—**Sa makatwid ang mġa "mason" at ang mġa mayamang pilipino'y hindi kaayon ng "Katipunan"?**—Hindi, kundi bagkús pang kasalungat. Nang lumalaganap na ang "Katipunan" ang mġa "mason" at ang kanilang mġa "logia," ay paraparang nagsikilos upang sugpuin ang paglago ng "Katipunan" at ang mabalasik na pagpapalaganap ni Andrés Bonifacio, di sa dahilang sila'y kampi sa pamahalaang kastila at sa mġa "fraile," kundi sapagka't kailan man ang mġa "masón," ay "ayaw ipaghi-ganti sa pagbubuhos ng dugo ang mġa kaapihang tinatamó." Ang "Katipunan" nama'y ang ibig ay "ngipin sa ngipin," at ayaw gantihin ng tinapay ang bató, kundi bató rin. Kaya nama't isá sa mġa aral ng "Katipunan" ay, nahahawig doon sa "ang di mo ibig na gawin sa iyo, ay huwág mong gawin sa iyong kapwa."

35.—**Maaari bang isaysay ang ilang pangyayari ukol diyan?**—Oo. Nguni't bago banggitin ang ilang pangyayari ay kailangán munang sabihin na, sa loob ng "Masonería," ayon sa kaniyang palatuntunan, ay di tinatanggap ang mġa manggagawang hamak, na ang kabuhaya'y "isang kahig, isang tuka"; pagka't

upang maging "masón," isa sa m̃ga panguna-
hing kailangan ay ang ikaw'y may sapat na ki-
nikita upang buhayin ang iyong asawa't m̃ga
anak at may kaunting halagang nalalabis, na
isasagot sa m̃ga pangangailangan ng kapatiran
at maiambag sa sinomang kapatid na nasa sa
isang kagipitan. Dahil dito, ay sukat ng ma-
taho na ang m̃ga "masón" ay m̃ga taong naka-
kakaya at ang m̃ga katipunan ay yaong m̃ga
taong hindi matatanggap sa "Masonería," na
m̃ga anak pawis, m̃ga dukha't maralita. Sa-
pagka't noo'y mayayaman at mahihirap na pi-
lipino'y paraparang inaapi at pinahihirapan ng
pamahalaang kastila't ng m̃ga "fraile" kung
kaya't lahat ay nagtataglay ng isang layunin:
maputol lamang ang kaapihan. Nagkakaibá
nga lamang sila sa kaparaanang ginagamit sa
ikapagtatagumpay ng kanilang layon.

36.—Ano ang ginawa ng m̃ga "mason" kay Bonifacio at sa "Katipunan"?—Dapat mu-
nang sabihin na si Bonifacio ay "masón" din.
Siya'y "segundo vigilante" sa "Logia Taliba,"
na ang "Venerable," ay ang binaril ng m̃ga kas-
tilang si Luis Encino Villarreal at ilan sa kasa-
mahan ni Bonifacio sa "Katipunan" ay m̃ga ka-
mukha rin niyang "masón." Isang araw ay
ipinatawag si Bonifacio ng m̃ga namumuno sa
kanyang "logia" at siya'y hinihikayat na itigil
ang "Katipunan," pagka't ang katwiran ng m̃ga
humihikayat sa kanya'y ang kawalan ng m̃ga
baril, kanyon, sandata at salapi na totoong
kinakailangan sa paghihimagsik na gagawin ng
"Katipunan," na kung mapipilan ay siyang la-
long kasawian ng bayang pilipino. Pagkata-
pos na marinig ng amá ng "Katipunan" ang
gayong m̃ga pangangatwiran, ay di umimik ka-
muntik man, kinuha ang kanyang sambalilo at
sabay ang pagsasalitang "Diyan na kayó, puro
kayó wikang kastila." Isang araw nama'y
nagsadya si Bonifacio sa bahay ng nasirang si
Antonio Luna upang ipatalastás dito ang gaga-
wing paghihimagsik ng "Katipunan." Pagka-
tapos na mapakinggan ni Luna ang m̃ga pangu-

n̄gusap ni Bonifacio, ay nagsabi: “¿Anó ang ating ilalaban, itong ating m̄ga...? Kung si Napoleon ay naging Napoleon, ay sapagka’t bukod sa siya’y may pusong matapang, ay may-talino pa, at, bukod sa lahat n̄g iya’y may salapi.” Nang ipinakilala naman ni Bonifacio kay Francisco Roxas, isá rin sa m̄ga ipinabaril n̄g pamahalaang kastila, ang hinahangad n̄g “Katipunan,” ay sinabi ni Roxas na siya’y ayaw makinig n̄g m̄ga kabalbalan at kaululan.

37.—Si Rizal ba’y kasangayon sa paghihimagsik na ginawa n̄g “Katipunan”?—Hindi. Sa kaniyang m̄ga aklat, tula at sulat, ay napagkikilalang ang adhikang katubusan n̄g Pilipinas, ay ibig niyang makamtan sa pamamagitan n̄g karunungan at kadakilaang asal muna n̄g kanyang m̄ga kalahi, bago isipin ang ibáng paraan. Isang araw n̄g buwan n̄g Mayo ná 1896 ay sinugo ni Bonifacio si Dr. Pio Valenzuela (itó lamang ang kasaping may título sa “Katipunan”) na makipanayam kay Rizal sa pinagtapunan dito sa Dapitan, Mindanaw, upang ipatalastás sa kanyá ang nais n̄g “Katipunan” na maghimagsik nang maiwasak ang kapangyarihan n̄g España dito sa Pilipinas. Si Rizal ay sumalungat sa ganyang nais. Kinabukasa’y dalidaling lumulan sa bapor ang sugó n̄g amá n̄g “Katipunan,” at umuwi sa Maynila, bagama’t may tangkang manatili pa n̄g m̄ga ilang araw dóon. Nang malaman ni Bonifacio ang ikinaaayaw ni Rizal sa paghihimagsik ay sinabi ang ganito: “¿At saang aklat nabasa ni Rizal na bago maghimagsik ay kailangang magkaroon muna n̄g sandata at salapi?”

38.—Ang ibig bang sabihin niya’y kalaban ni Rizal at n̄g m̄ga “mason” si Bonifacio at ang “Katipunan”?—Malayo. Si Rizal at halos ang marami sa m̄ga “mason” ay m̄ga taong may taglay na kakayahan sa isip, ay nagsisipaniwala na bago gawin ang isang napakalaking gawain, katulad n̄g paghihimagsik ay kailangan muna ang m̄ga baril, sandata at salapi upang magta-

gumpay, tanġi sa iyang magbuhos nġ dugo sa ikasusugpo nġ mġa pangaapi ay talagang nahidwa sa mġa aral nġ "Masonería" sa kanyang mġa kampon. Datapwa, ang mġa dukha, manggagawa, mġa maralita, na mġa hamak na taong bayan, dito sa atin at saan pa man, ay kapag niyakap ang isang gawain at napagkilalang kailangang gawin sa ikasusunod nġ isang dakilang layunin, ay di na nagtutumigil nġ pag-iisip at karakaraka'y ginagampanan sa pamamagitan nġ salitang "¡Bahala na!". Ang "bahala" nang ito, ay makikita natin na siyang nagligtás sa bayang pilipino nġ mġa panahong yaón at naghatid sa atin sa tagumpay. At iyan ding mġa salitang iyan ang nagligtás sa ibang mġa bayan sa kukó nġ mġa manglulupig na hari't mahadlikang umiinís sa mġa anak-pawis at dukha.

VIII
ANG "KATIPUNAN" AT ANG BAYANG
MARALITA

39.—**Ano ang ginawa ni Bonifacio sa harap ng pagsalungat ni Rizal at ng iba pa sa paghihimagsik?**—Sa halip na umurong, ay bagkus nagpakasiglang lalo sa pagtatag ng mga balangay at sanggunian ng "Katipunan." Buong taon ng 1895 at ang mga unang buwan ng taong sumunod, 1896, ay kanyang naitatag sa buong Maynila at mga lalawigang karatig ang maraming sang'a o balangay. Kung ano ang laki ng kaayawan sa paghihimagsik ng mga pilipinong litaw at nakakakaya't mayayaman ay siya namang higpit ng pagyakap ng mga maralita sa layunin ng "Katipunan." Ang mga manggagawa, ang mga tagabukid at ang mga dukha, ay paraparang nagsisiluha kung sila'y pinaliliwanagan ng mga adhikain at aral ng "Katipunan" at naguunahan sa pagsapi.

40.—**Sa papaano napatatag ang Pamunuan ng Katipunan?**—Sa kapulungang idinaos ng mga kinatawan ng mga balangay noong 1 ng Enero ng 1896, ay nagapahalal sa Kataastaasang Panguluhan ng "Katipunan" ang mga sumusunod: Kataastaasang Pangulo, Andrés Bonifacio; Kalihim, Emilio Jacinto; Tagaingat-yaman, Vicente Molina; Tagausig, Pio Valenzuela; mga kawani: Pantaleon Torres, Hermenegildo Reyes, Francisco Carreon, José Trinidad, Balbino Florentino at Aguedo del Rosario.

41.—**At ang mga Balangay at Sanggunian?**—Napatatag na sa maraming pook ng Maynila at mga bayang karatig. Ang mga pangalang taglay ay yaong mga pangalan o bagay na maykinalaam sa ating lahi at sa kalayaang ninanasà. Naito ang ilan: "Dapitan" (bayang pinagtapunan kay Rizal); "Laong-Laan" at "Dimas-Alang" (mga lagda ni Rizal sa kaniyang

mga isinulat sa mga pahayagan); "Katagalugan," "Katotohanan," "Kabuhayan," "Silangan," "Pagtibayin," "Kailangan," "Bagong-Silang," "Di-Magpapatantan," "Di-Tutugutan," "Pinanginginigan" at iba't iba pa.

42.—**Anong mga kaparaanan ang ginamit sa pagpapalaganap ng "Katipunan"?**—Ang mga pakikipagpulong ng lihim sa mga pook pook, suloksulok at bahay-bahay. Tangi sa rito, ay ang mga sulat at limbag na gawa ni Bonifacio, ni Emilio Jacinto at ng iba pa, na walang lagda. Nagkaroon din ang "Katipunan" ng sariling palimbagan at doo'y inilimbag ang dalawang bilang lamang ng pahayagang tagalog na pinamagatang "Kalayaan," na inilathala ng ika 1 ng Enero ng 1896. Isang 1000 ang sipi ng unang bilang at 2000 ang ikalawa.

43.—**Saan kinuha ang salaping ibinili sa Palimbagan?**—Isang araw ang kapatid ni Bonifacio na nagnangalang Troadio ay galing sa Australia na may kasamang dalawang kababayanang taga-Kapis na nagnangalang Francisco Castillo at Camilo Iban. Ang dalawang ito'y tumama sa "loteria" ng ilang libong piso. Nang mabalitaan ito ni Bonifacio sa pamamagitan ng kanyang binanggit na kapatid ay hiniyayat sa "Katipunan" ang dalawang yaon, na nagkaloob naman pagkatapos ng halagang apat na raang pisong ibinili ng palimbagan ng masong si Antonio Salazar na mayari ng "Bazar del Cisne," na ipinabaril din ng mga kastila, at sa kanila rin galing ang salaping ibinili ng mga titik sa palimbagan ni Isabelo de los Reyes, na ipinuno sa mga titik ng binanggit na palimbagan.

44.—**San gayon sa mga isinaysay, ay walang salapi ang "Katipunan" at sahol sa mga kagamitan sa kanyang layon, kung gayon ano't lumaganap?**—Ang mga kalupitan at paghamak na rin sa mga pilipino, ng mga nakasasakop sa atin noon, ang nagpasigla sa mga taongbayan upang sumapi sa "Katipunan." Bukod sa rito,

si Bonifacio, ay talagang may sapat na talino sa paglikha ng mga paraan na sukat makahikayat sa tao. Ipinasya niya na sa tuwing magpupulong ang mga "balangay", ay buklatin ang kaysaysayang batbat ng hirap ng Pilipinas at sa ganito'y paalalahanan ang mga kapatid sa kabaan ng katayuan ng lupang sarili. Tuwing darating ang ika 28 ng Pebrero, ay nagdaraos ng mga lihim na lamayan na patungkol sa tatlong paring pilipinong sina Gomez, Burgos at Zamora na ipinabitay ng pamahalaang kastila sa sulsol ng mga "fraile." Anopa't ang mga bagay na ganito, ang mga paguusig kina Rizal at mga kasamahan, na paraparang labag sa matwid, ay siyang lagi nang ipinagugunita upang magalab ang loob ng mga kasapi. Bakit ang totoo ay talagang inis na't tigib na tigib ang pusong matiisin ng mga pilipino sa madlang kaapihang ginagawa sa kanila ng mga maykapangyarihan noon.

45.—**Ang mga babai ba'y tinatanggap sa "Katipunan"?**—Hindi kabilang ang mga babai. Subali't ilan sa kanila, lalunglaluna ang mga asaasawa ng mga nasa katipunan, ang nabigyan ng tungkuling magagaan. Si G. Perfecta Simeon, sa halimbawa, ay ginawang taga-ingat-yaman sa "Balangay Maluningning," na napatag sa nayon ng San Nicolas, Maynila.

IX

ANG "KATIPUNAN" AT ANG PAGUUSIG SA MGA MASON

46.—**Inusig ba ng mga kastila't fraile ang mga mason dahil sa "Katipunan"?**—Oo. Anoman ang mangyaring pagtutol ng mga pilipino sa mga kahidwaang inaasal ng mga nakasasa-kop sa atin sa mga panahong yaon ay sa mga "mason" ibinibintang at ang mga ito ang pinagdadadakip at pinarurusahan.

47.—**At sa anong dahil?**—Kailangan ang kaunting paliwanag. Sinabi na natin na ang mga "masón" ay di kasangayon sa paghihimagsik na nilalayon ng mga Katipunan. Alam na natin na, ibá ang "Masonería" sa "Katipunan," at ang "Liga Filipina" nama'y walang kinaalam sa dalawang nauna. Bawa't isá ay may kani-kaniyang uri, palatuntunan at adhikain. Subali't hindi maikakait na ang "Masonería" at ang kaniyang mga kampon ay silang nagsabog sa mga kalahi ng mga kurong dakila ukol sa ikatutubós; silá, ang mga masón, ang masasabing nagturo ng pagbibigkis ng kalooban sa mga pilipino. upang humarap at makipaglaban sa loob ng kapayapaan sa mga makapangyarihang lumulupig sa Lahi; ang mga kasapi sa "Masonería," ay silang nagpakilala sa pamalaan sa España ng mga masasamang palakad na pinaiiral dito, na siyang ikinalulugmok ng bayan sa karukhaan, kaapihan at kabusabusan. "Ibig namin—ang hiling sa España ng mga masón—na ang aming baya'y maging karapat-dapat, maging malaya't maginhawa, na sa kaniyang panganorin ay tumanglaw ang maningning na araw ng katarungan at kabihasnan. Ibig namin na dito'y maghari ang pagpapantay-pantay, ang tunay na kalayaan ng mamamayan sa harap ng mga mapagimbot, na nangabubuhay sa pagsugpu sa karapatan ng bayan na dinidilig ang kanilang kaginhawahan ng luha ng bayang nagdaralita."

48.—**Ang mġa kahilingan bang iyan ay napagkilala ng mġa taong bayan?**—Hindi lamang nakilala kungdi nararamdaman nila sa sarili. Ang mġa pagsusumikap na yaon ng mġa mason ay siyang ikinamulat ng bayan sa kanyang aping kalagayan. Ito'y nalalaman ng pamahalaang kastila at lalong natataho ng mġa "cura" sa bayan-bayan, pagka't sa bayang pinamumugaran ng isang "logia" o ng mġa "mason," ang "cura" at ang mġa kastila ay di lubhang nakapamamayani sa kanilang mġa masasamang gawa, sapagka't nahahadlangan sila ng pagkakaisa ng mġa taong bayan sa pagtutol laban sa mġa masasama nilang palakad. Napansin din ng mġa "fraile" na ang pasok ng salapi sa simbahan ay umuunti, sanhi sa kagagawan ng mġa mason na nagtuturo sa bayang iwanan ang patay sa loob ng simbahan at huwag magbayad ng anoman. Itinuturo rin naman nila na huwag bilhin ang mġa kalmen, ang mġa kuwintas, ang mġa kandila, ang mġa istampá, ang mġa bula, ang mġa novena, na kinakalakal ng kombento.

49.—**Kailan pa inusig ang mġa mason?**—Ang masikhay na paguusig sa kanila, ay masasabing nagsimula noong taong 1892 at sumidhi ng mapatatag na ang "Katipunan" at si Bonifacio'y walang humpay sa pagpapalaganap ng kanyang samahan. Paano'y alam ng pamahalaang kastila't ng mġa "fraile" na si Bonifacio'y "mason," bukod sa ang layunin at mġa ipinupunla ng "Katipunan," ay huwad sa "Masonería." Kaya, lahat ng kilos nina Bonifacio at mġa kasamahan ay sa mġa "mason" ibinabagsak, bakit ang amá naman ng "Katipunan," sa nasa niyang magkasamasama ang lahat, sa lilim ng watawat ng samahang kaniyang pinamumunuan, ay di lamang hindi nagpapasinungaling sa gayong akala kundi bagkus pang pinagtitibay. Ang mġa "mason," ng mġa panahong yaon, ay sila ang lumalagay na tagataguyod ng kalayaan ng bayan at sila'y pinagpipitaganan ng maraming kababayan, lalonglalo na

ang mġa "masong" siná Rizal, Del Pilar, Lopez Jaena, at iba pa, na may mġa pagtatanggol na ginawa ukol sa kalayaan ng Pilipinas at lagi nang ipinagsasanggalang ang kaapihang tini-tiis ng kanilang kababayan.

50.—Hindi ba itinigil ang paguusig na yaon sa mġa mason?—Nang taong 1893 at ng mġa unang buwan ng taong 1894, ay napatigil ang mġa paguusig sa kanilá. Palibhasa'y napatapon na si Rizal sa Dapitan—na sa ganang mġa kastila't fraile'y siyang pinakapuno ng kilusan ng mġa "mason"—at naparusahan na ang mġa inaakalang kinaalam sa pagtutol na ginampanan ng mġa pinaguusig na gaya nina Doroteo Cortes, Jose Basa, Ambrosio Salvador, Mariano Apacible at marami pang taganas na mġa "mason," ang mġa kalaban ng kalayaan ng bayan ay napatahimik. Dahil dito'y muli na namang nagsikilos ang mġa mason at binuhay na muli ang kanilang mġa pagpupulong tungo rin sa ikagagaling ng sariling bayan.

51.—Nagtagal ba ang gayong katahimikan?—Hindi. Nang taong 1895 ay muli na naman silang pinagusig. Ang kilusan sa paghihimagsik ng "Katipunan" na noo'y lumaganap na sa mġa taong bayan, lalonglaluna sa mġa lalawigang tagalog, ay sa mġa mason naman ipinagbintang. Sila na naman ang hinuli, pinahirapan at ipinagbibilanggo. Ang mġa "convento" ay nagsikilos, ang mġa pinunong kastila ay paraparang nagsusumikap sa pagbibintang na ang mġa "logia," ay walang linalayon kundi ang paghiwalay ng Pilipinas sa España. Ang bunga ng lahat ng ito ay ang pagsisiyasat sa mġa bahay bahay ng mġa mason, ang pagpapabilanggo, pagpapatapon sa malalayong bayan sa mġa magiting na kampon ng "Masonería." Dahil dito, marami rin sa mġa mason na noong una'y di kasangayon ni Bonifacio sa paghihimagsik, ang tumulong na tuloy sa pagpapalaganap ng "Katipunan."

X

ANG PAGHIHIMAGSIK

52.—**Ano ang ginawa ng “Katipunan” sa harap ng mga nangyayaring yaon?**—Inihanda na ang paghihimagsik. Si Bonifacio at ang ilan niyang matatalik na kawani ang madalas magsilabas sa mga bundok na nakalilibid sa Maynila at kanilang pinagaaralan ang tumpak na paraan sa pagsalakay dito at ang magagawang kuta ng kawal ng “Katipunan” sa pakikilamas.

53.—**Kailan nahuli ang mga kasapi sa “Katipunan”?**—Niyong ika 13 ng Agosto ng 1896 sa San Piro Makati. Bagá man mga kasapi sa “Katipunan” ang nangahuli, ay mga “mason” din, daw, alinsunod sa sulat ng “cura” sa tinurang bayan na si Agustin Fernandez sa pinuno ng Kastila rito sa Maynila na si Luengo. Nguni’t bago pa mangyari ito, ang teniente ng Guardia Civil na si Manuel Sityar, niyong ika 5 ng buwan ng Hulyo ng taón ding yaon, 1896, ay sumulat na sa mga pinuno niya, sa Maynila, at ibinabalita na siya’y may natuklasang iniha-handang paghihimagsik laban sa pamahalaan na ang mangá sangá ay nasa San Juan del Monte, San Felipe Nery, Pandakan, Marikina at Montalban. Ibinabalita rin na may mga ilang libo ang magsisipaghihimagsik na nagsipanumpa sa pamamagitan ng sarili nilang dugo na inilagda sa kasulatan nang sa gayo’y magtumibay sa pakikibaka hanggang sa matamó ang kasarinlan ng Pilipinas.

54.—**Umabot ba sa kaalaman ni Bonifacio ang ganyang mga ibinalita?**—Oo. Simula pa nang itinatag ang “Katipunan”, ay nakahikayat na nang ilang kababayang nagsisipaglingkod sa mga kawanihan ng pamahalaang kastila at gayon din ang ilan sa nagsisipaglingkod sa bahay ng mga pinuno at sa mga “convento.” Nang mga araw na yaon, ay nakapaglagay na ang

“Katipunan” n̄g kaniyang m̄ga tiktik sa loob n̄g pamahalaan na naghahatid kay Bonifacio n̄g m̄ga balitang kailan̄gan nitó. Kaya, n̄g malaman niyang natuklasan na ang “Katipunan” n̄g may kapangyarihan, ay pinulong ang lahat n̄g m̄ga pangulo sa m̄ga balan̄gay at m̄ga kasapi sa pook n̄g Kankong, Kalookan, niyong ika 17 n̄g Agosto n̄g 1896. Ang pulong ay sinimulan n̄g ika 8 n̄g umaga at natapos n̄g magtatakipsilim na. Mainit at mahigpit ang kanilang pagtatalo. May m̄ga ayaw munang gawin ang paghihimagsik sa kawalan n̄g m̄ga sandata’t baril na ilalaban, n̄guni’t marami ang may ibig at ayaw nang magsiuwi sa kanikanilang bahay. Sa wakás ay pinagtibay din at bilang saksi n̄g pinagkasunduan, lahat ay nagsidukot at kinuha ang kanikanilang m̄ga “cedula personal” at pinagpupunit, tandang hindi na sila babalik sa kanikanilang bahay. Pagkatapos ay nagpangkatpangkat na.

55.—Ano pa ang kanilang pinagtibay?—

Na salakayin ang Maynila n̄g ika 30 n̄g buwang binanggit. Datapwa, n̄g matuklasan ni P. Mariano Gil, “cura” sa simbahan n̄g Tundo, ang m̄ga kasulatan n̄g “Katipunan” at pati n̄g batong pinaglilimbagan n̄g “recibo” nito, dahil sa sumbong n̄g isang nangangalang Teodoro Patiño, na nakuha sa pagawaan n̄g pahayagang “Diario de Manila,” n̄g ika 19 n̄g buwang ding yaon, ang m̄ga sundalo’t “guardia civil” ay nagsipagsiyasat sa m̄ga palipaligid n̄g labas n̄g Maynila, kaya’t n̄g ika 23 n̄g buwang ito ay nangyari ang unang labanan n̄g m̄ga iyon sa kawal n̄g “Katipunan” sa Balintawak. Sinimulan na ang panghuhuli at pagpapahirap sa m̄ga napagbintangan.

56.—Ano ang inilalaban n̄g m̄ga kasapi sa “Katipunan”?—Ilang itak, bukaweng tinulisan, palasan, m̄ga “revolver” na kinuha n̄g m̄ga Katipunan sa Maestranza, dalawa o tatlong baril na naagaw sa m̄ga sundalo n̄g pamahalaang kastila.

57.—Nagpatuloy ba sa ganito?—Oo. Nguni't itinatag na ni Bonifacio ang kanyang pamahalaan sa "Pasong Tamo", Kalookan, at pagkatapos sa bundok ng "Balara", Marikina. Mula doon ay siya'y naguutos sa tulong ng kanyang mga kagawad. Ang pamahalaan ng "Katipunan," ay di na sa samahang ito lamang kundi binigyan na ng uring pangbansa. Ganitó: Presidente, Andrés Bonifacio; Ministro de Estado, Emilio Jacinto; Ministro de Guerra, Teodoro Plata; Ministro de Gobernacion, Aguedo del Rosario; Ministro de Gracia y Justicia Briccio Pantas; Ministro de Hacienda, Enrique Pacheco; Secretario General, Daniel Tria Tirona at Tesorero General, Silverio Baltazar (Kapitan sa bayan ng Kalookan).

58.—Ang pamahalaan bang iyan ang namatnugot ng paghihimagsik?—Oo. Datapwa, ang nais ni Bonifacio, bagaman si Rizal ay di nila kaayon, ay siya'y gawing pangulong pangdangal at siya'y magawang sanggunian, bagay itong di nangyari. Nang si Rizal ay dumating sa Maynila noong ika 5 ng Agosto ng 1896 na galing sa Dapitan na pinagtapunan sa kanya, ay tinangka nina Bonifacio, Emilio Jacinto at ibang kasamahan na siya'y itanan. Si Emilio Jacinto ay nagsuot marinero at nagsadya sa lancha "Caridad" na kinalululanan ni Rizal sa paglunsad sa bapor "España." Kunwa'y naglilinis, at sa isang pagkakataon ay ibinulong sa ating bayani: "Kung kayo po'y ibibilanggo, ay ililigtás namin kayo. Kami'y nahahanda." Palibhasa'y umaasa si Rizal sa kalinisan ng kanyang budhi sa matapat na pakikisama niya sa pamahalaan noon, sumagot ng gayari: "Salamat. Huwag ninyong gawin iya sa akin. Bayaan ninyo't nalalaman ko ang aking gagawin." Dahil dito, ang nais na yaon nina Bonifacio ay di nga nangyari at sa gayo'y napilitang magkasya na sa sarisarili nilang pamamatnugot ng "Katipunan."

59.—May mġa palatuntunan ba ang paghihimagsik?—lilan lamang, yaong lubhang kinakailangan sa mġa unang pagkilos. Pinasiyahan nila na ang magbabalita ng pagsalakay sa Maynila, ay hihip ng mġa “tambuli” mula sa mġa bundok na kinaroroonan ng mġa kawal. Ang hudyatan upang magkakilanlan ang magkakapatid ay ang salitang “Balanġay” na dapat sagutin ng “Marikit.” Nang ika 27 ng Agosto, 1896 ay lumipat si Bonifacio at ang kanyang mġa kasamahan sa pook ng “Balakbak,” nayon ng “Hagdangbató,” at sa isang kamalig, ay kaniyang isinulat at ipinadala sa mġa kinaukulan ang sumusunod na pahayag:

“Mġa maginoong namiminuno, kasapi at mġa kapatid:

“Sa inyong lahat ipinatutungkol ang pahayag na ito. Totoong kinakailangan na sa lalong madaling panahon ay putlin natin ang walang pangalang panghulupig na ginagawa sa mġa anak ng bayan, na ngayo’y nagtitiis ng mabibigat na parusa at pahirap sa mġa bilangguan, na, sa dahilang ito’y mangyaring ipatanto ninyó sa lahat ng mġa kapatid na sa araw ng Sabado, ika 29 ng kasalukuyan, ay puputok ang paghihimagsik na pinagkasunduan natin, kaya’t kinakailangang sabaysabay na kumilos ang mġa bayau-bayan at sabaysabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pamang humadlang sa banal na adhikang itó ng bayan ay ipalalagay na taksil at kalaban, maliban na nga lamang kung may sakit na dinaramdam o ang katawa’y maysala, at sila’y paguusigin alinsunod sa palatuntunang ating pinatiral.—Bandok ng Kalayaan, ika 28 ng Agosto ng 1896—ANDRES BONIFACIO.”

60.—Sinunod ba ng bayan ang pahayag na iyan?—Lahat ng nakabatid ay nagsisunod. Kinabukasan nga ng gabi, (29) ay nagkaroon na ng labanan sa buong paligid ng Maynila. Nang ika 30 ng buong ito ay nagkaroon na ng mahigpit na labanan sa Balintawak, sa San Juan del Monte at sa iba pang pook. Si Bonifacio ay nagpakita ng di karaniwang katapa-

nġan at gayon din ang kanyang mġa kasamahan. Nasupil nila at naagawan nġ ilang baril ang mġa himpilan nġ guardia civil. Kaya noon din ay ipinasya ni General Blanco, kataas-taasang puno nġ Kastila dito sa Pilipinas, na ipalagay na pook nġ digmaan ang mġa lalawigang Maynila, Bulakan, Kapampangan, Nueva Ecija, Tarlak, Laguna, Batangan at Kabite, at iniutos na bantayang mahigpit ang mġa mamayan.

61.—Ano pa ang ginawà nġ pamahalaang kastila sa harap nġ mġa pangyayaring yaon?—

Pinagdadakip ang lahat nġ kilalang mason o mġa kamaganak at kaibigan nila at kinulong sa Bilibid, sa Fuerza de Santiago at sa ibá pang sukat kapiitan, gaya nġ silong nġ mġa kuta (muralla) na nakakakulong sa loob nġ Maynilà (Intramuros). Ang mġa mayayamang katulad nġ mġa Yangko (ama); Roxas, Zamora, Bautista at iba't ibá pa'y pinaghuhuli at piniit sa bilangguan, at gayon din ang mġa pilipinong napapatangì sa dunong at sa kabuhayan. Ang mġa kasapi sa "Katipunan," ay pinagdadakip din at pinahirapan sa loob nġ bilangguan. Palibhasa'y nakilala na ang kaparaanang ginagawâ sa pagsapi,—dahil sa pagkatuklas nġ binanggit na "cura" sa Tundong si P. Mariano Gil,—lahat nġ mġa manggagawa sa mġa pagawaan, ang mġa lalaking lumalakad sa mġa lanasangan sa Maynila at sa mġa bayang katagalugan, ay isá isáng nilililisan nġ manggas nġ baro nġ mġa "guardia civil" at "veterana" at tinigtignan kung may piklat na gurlis at ibinibilango. May mġa ilan na nagkasugat o tinubuan kaya nġ galis sa bisig, kahit na di sa lugal na kinukudlitan sa pagkuha nġ dugo na inilalagda sa kasulatan nġ panunumpa nġ mġa kasapi sa "Katipunan," ang ibinilango, pinahirapan at pinagbabaril sa Bagumbayan (Luneta) at sa loob nġ mġa bilangguan.

62.—**Ang m̃ga mayayama't m̃ga marurunong na pilipino ay di lamang ang hindi kasapi sa “Katipunan” kundi kasaluñgat pa mandin nito, ¿bakit sila pinagdadakip at pinabaril ang ilan?**—Si Bonifacio rin at ang “Katipunan” ang masasabing may kagagawan ñg gayong panghuhuli. Nang malaman ni Bonifacio na ang m̃ga mayaman at m̃ga litaw na pilipino, ay ayaw sa paghihimagsik, siya'y umisip ñg isang paraan na ang m̃ga ito'y mapadamay sa pag-uusig sa m̃ga taga “Katipunan”. Una, ay nang lalong masugatan ang puso ñg m̃ga taong bayan kung makitang pati ñg m̃ga mayayaman't m̃ga litaw na kababayan ay pinipiit at pinagbabaril, at, ikalawa't higit sa una'y nang sa gayon ay lalong lumagablab ang apoy ñg paghihimagsik. Anopa't sa kanyang pagkatunay na manghihimagsik, ang ibig ni Bonifacio ay magkahalohalo na ang balat sa tinalupan. Kaya, nang mairaos na ang pulong na nagpa-siya ñg pagsalakay sa Maynila, ay iniutos ni Bonifacio kina Emilio Jacinto at Guillermo Masangkay na isabog sa ilang pook ñg Maynila ang m̃ga kasulatan na sadyang inihanda ni Bonifacio at nang m̃ga alagad niya, na nagpapakilalang ang m̃ga nangakalagda ay m̃ga kinaalam at kasapi sa “Katipunan,” bagaman ang totoo, ay hindi, at ang m̃ga kasulatang yao'y ginawa lamang at hinuwaran ang lagda ñg ilang m̃ga litaw na mayayaman at marurunong na pilipino nang sa gayo'y mapasubo o isubo sila sa ginampanang paghihimagsik ñg bayang maralita, sa ikabubuti ñg lahat.

63.—**Iyan ba'y inihayag ni Bonifacio sa lahat ñg m̃ga kasapi?**—Ang ginawa niyang panghuhuwad sa m̃ga lagdang binanggit ay hindi inihayag, ñguni't talagang ipinababasa sa m̃ga kasapi sa “Katipunan” at ñg sa gayo'y lalong lumakas ang loob ñg kaniyang m̃ga alagad. Katunayan nito, ilan sa m̃ga nahuli ang sa hirap sa m̃ga pasakit ay nagturó ñg nagturó.

sa ilang taong litaw, bagama't ang ilan sa m̃ga isinigaw ay sa gawa na lamang ñg higpit ñg m̃ga parusa.

64.—**At ano ba ang m̃ga parusang iginagawad sa m̃ga hinuhuli?**—Mahaba't ma'y kahirapang isaisahin. Ñguni't ang karaniwan ay ang huwag pakanin ñg maghamaghapon; paluin sa talampakan; palakarin sa munggo, ibitin ñg patiwariik at biglang ibagsak; paluin ñg palasan ñg patihaya; duruin ñg aspile ang kukó; inisin sa m̃ga bartolina na maghamaghapong nakatayo; ilubog sa balon at makasandali'y hanguin at iba't iba pa. Sa katapustapusan ay barilin.

65.—**Sino sino ang m̃ga pinagbabaril?**—Hindi maaaring isiwalat. Marami. Sa m̃ga kasapi sa "Katipunan" ay di na kailañgan sabihin pa. Ñguni't ang m̃ga unang ipinabaril ñg pamahalaang kastila sa Luneta noong ika 4 ñg Septiembre ñg 1896, ika 5 at ½ ñg hapon, ay siná: Sancho Valenzuela, Eugenio Silvestre, Modesto Sarmiento at Ramon Peralta. Ang m̃ga masong binaril sa Maynila ay ito: Jose Rizal, Domingo Franco, Numeriano Adriano, Moises Salvador, Luis E. Villareal, Faustino Villaruel, Ramon Padilla, Jose Dizon at Antonio Zalazar. Sa m̃ga lalawigan naman ang m̃ga masong binaril o pinatay (marami ang sa hirap ñg m̃ga parusa ay namamatay) sa gayon o ganitong kadahilanan ay ang sumusunod: Rosalio Silos, sa Mindanao; Lauro Dimayuga, sa Batañgan; Domingo Cecilio, Ciriaco Sarile, Teodorico Lagonera, Pantaleon Belmonte, Quintin Tinio, Mamerto Natividad, at Marcos Ventus sa Nueva Ecija; Francisco Tañedo at Procopio Hilario sa Tarlak; Leon Hernandez sa Kamarines; at ang ilan sa m̃ga binaril sa Kabite ay sina Victoriano Luciano, Maximo Inocencio, Feliciano Cabuco, Eugenio Cabezas, Hugo Perez, Maximo Gregorio, Jose Lallana, Severino Lapidario at Alfonso Ocampo.

66.—**Ilang panahon nagtagal ang paghihimagsik?**—Mula ng ika 29 Agosto ng 1896 hanggang noong pumasok sa Maynila ang hukbo ng mga amerikano noong ika 13 ng Agosto ng 1898, bagaman ng lagdaan ang “Pacto de Biak-na-bato” noong ika 4 ng Agosto ng 1897, ay nahinto ang labanan na inulit uli ng Mayo ng taong sumunod, 1898, ng nagbalik dito si Aguinaldo na buhat sa Hongkong. Dapat din sabihin na naririto na ang mga amerikano sa Maynila, ay nakikipaglaban pa ang kawal ng paghihimagsik sa ilang bayan na hindi pa nahuhulog sa kamay ng mga pilipino at sa katunaya’y ang ilan ay nagsisuko o napasuko nang naririto na sa Maynila ang hukbó ng amerikano.

67.—**Kailan dumating sa Pilipinas ang mga Amerikano?**—Noon ngâng unang araw ng Mayo ng 1898. Nagbubukang liwayway ng nagsipasok sa look ng Maynilà ang mga sasakyang-dagat na pangdima ng Estados Unidos at kapagkaraka’y nilusob ang mga sasakyang dagat na pangdigma ng mga kastilà at mga ilang sandali lamang ay napipilan at napalubog itong mga huli. Sa look ng Maynila ay namalagi ang mga sasakyang dagat na nagwagi hanggang noong ika 13 ng Agosto ng 1898 na nilusob ng hukbong amerikano ang Maynila at sa kanilà isinuko ang bayang ito ng mga maykapangyarihang kastila ng araw ding yaon.

68.—**At ang hukbo ng “Katipunan,” ay ano ang ginawa ng araw na yaon?**—Dapat muna sabihin na hindi na hukbo ng “Katipunan” ang maitatawag sa mga kawal na yaong nagsipaghihimagsik, sa dahilan noon ika 24 ng Mayo ng 1898, nang si Emilio Aguinaldo, ay magbalik sa Kabite na galing sa Hongkong (ika 15 ng Mayo, 1898), ay itinanghal niya ang katarinlan ng Pilipinas, na siya ang pinaka Dictador, kundi hukbo ng Pamahalaang Pilipinong Naghihimagsik. Noong ika 12 ng Hunyo ng 1898, ay inihayag at itinanghal naman sa Kawit ang uri ng Pamahalaang sarili ng Sangkapuluang

Pilipinas at susog dito'y itinatag ang Pamahalaang Pilipinong Naghihimagsik, na ang Pangulo ay si Emilio Aguinaldo. Ang mga kawal nga nitó, ay nangakarating at nagsihimpil hanggang sa mga nayon ng Maynila, gaya ng Gagalangin, Cervantes, Sampalok, Santa Mesa, Pako at Ermita, kasabay halos ng hukbong amerikano na nagsipasok ng ika 13 ng Agosto ng 1898.

69.—**Ano pa ang nangyari?**—Ang hukbo ng Estados Unidos, ay nasa Maynila at Kabite (kabayanan) at ang hukbong pilipino nama'y siya ngang sumasakop sa mga bayanbayan at nakikipaglaban pa sa hukbo ng mga kastila doon sa ilang bayang nasa kamay pa ng mga ito. Nang ika 15 ng Septiembre ng 1898, ay idinaos sa simbahan ng Barasoain, Malolos, ang unang Kapulungang Bayan na binubuo ng 85 kinatawan ng mga lalawigan ng Sangkapuluang Pilipinas. Nang ika 29 ng Nobyembre ng taon ding itó ay pinagtibay ng kapulungang sinabi ang Panguluhang-batas (Constitucion) na pahiralin sa Pilipinas at ng 21 ng Enero ng 1899, ay inihayag na't pinairal ang binanggit na Panguluhang-batas at tuloy itinanghal ang República Filipina sa simbahan ng Barasoain, Malolos.

70.—**Bakit namayani sa Pilipinas ang hukbo ng Estados Unidos?**—Ganitó ang nangyari: Nang ika 20 ng Disyembre ng 1898 ay pinagkasunduan ng España at Estados Unidos ang paghinto ng kanilang digmaan, na nagmula ng buwan ng Abril ng 1898. Ang linagdaang yao'y pinagtibay ng Senado ng Estados Unidos ng ika 6 ng Pebrero ng 1899. Sa kasunduang ito'y ipinagkaloob ng España sa Estados Unidos ang Sangkapuluang Pilipinas. Nang ika 4 ng Enero ng 1899, ay iniutos ng Pangulong McKinley ng Estados Unidos sa kay General Otis na siyang namiminuno sa hukbong amerikano sa Pilipinas na ipakilala sa mga pilipino ang kapangyarihan ng Estados Unidos dito. Ang Pamahalaang pilipino ay tumutol at ayaw kilanlin ang nasabing kapangyarihan at

karakaraka'y inihanda ang m̃ga kawal sa pakikibaka. Lahat ñg katwiran ñg isang bayang natutong maghimagsik ay ginamit. Nang kagabihan ñg ika 4 ñg Pebrero ñg 1899, isa sa m̃ga pinuno ñg hukbong pilipino ang ibig bumagtas sa tulay ñg San Juan del Monte, ñguni't siya'y binaril ñg nakabantay doon na isang sundalong amerikano. Dito na nagsimula ang pakikibaka ñg hukbong amerikano laban sa hukbong pilipino na nagtagal ñg ilang taon, hanggang sa napipilan ñg lakas ñg malaki at mayamang Estados Unidos ang kamuraan at kahinaan ñg República Filipina.

71.—Kailan lamang nagsisuko ang lahat ñg ating kawal?—Baga ma't si Emilio Aguinaldo ay nadakip ñg ika 23 ñg Marzo ñg 1901, sina general Lukban, sa Samar, at si Malvar, sa Batangas, ay nagsilaban pa at nagsisuko na lamang na kasama ang kanilang m̃ga kawal ñg talagang supil na supil na ñg kalaban at wala ñg makain. Ang una'y sumuko ñg Pebrero ñg 1902 at ang ikalawa ay ñg Hunyo ñg tinuran ding taon.

XI

TAGUMPAY AT PAHIMAKAS

72.—**Samakatwid ang panghihimagsik ng “Katipunan” ng Agosto ng 1896, ay siyang pinanggalingan ng Hukbo ng Pilipino at siyang ginamit sa pagtatatag ng Republica Filipna?—**

Oo. At salamat sa paghihimagsik na yaon ay taas ang noo ng bayan natin sa paghingi ng kalayaan at kasarinlan. Anopa’t ang isang bayang natutong maghihimagsik dahil sa kanyang kasarinlan ay karapatdapat na mabuhay ng malaya.

73.—**Lahat ba’y kumikilala sa kadakilaan ng ginawa ni Bonifacio at ng “Katipunan” ukol sa Bayan?—**

Nang mga unang araw ay hindi, lalunglaluna ang mga pusakal niyang kalaban na mga “frile.” Sa pahayagan ng mga ito na ang pamagat ay “Libertas” ay sinabing kung ipagtatayo, raw ng monumento si Andres Bonifacio ay mapanganganlang “monumento al crimen,” at ang mga heswita nama’y ipinalalagay na ang amá ng “Katipunan” ay isang “criminal” sa kasaysayan ng Pilipinas na itinuturo nila sa mga bata sa Ateneo de Manila. Ito’y tinutulan ng mga pahayagang pilipino at ng ilang mga litaw na kababayan.

74.—**Ano ang ginawang paranal ng bayan kay Bonifacio at sa “Katipunan”?—**Mula ng taong 1901 sa isang pook nitong Maynila, sa daang Alvarado, ay nagdadaos taon-taon ng paranal na alaala sa amá ng “Katipunan.” Untiunti ay lumalaki ang ginagawang yaon at lumalaganap sa ibang mga pook ng Tundo. Nang ika 3 ng Septiembre ng 1911, sa balak ng mga pahayagang tunay na makabayan na “El Renacimiento” at “Muling Pagsilang” at sa pagaambagambagan ng mga taong bayan, ay itinayo ang bantayog sa Balintawak, na bilang alaala sa mga bayani ng panghihimagsik ng 1896. Ang Legislatura Filipina naman, sa ba-

lak ng Kapulungang Bayan, ay naglaan na ng salaping igugugol sa isang bantayog sa nayon ng Kalookan na kahahangganan ng daang "Avenida Rizal," bilang alaala at pagbubunyi ng bayan kay Andrés Bonifacio. At noong ika 30 ng Nobyembre ng 1920, ang Senador Lope K. Santos, ay nagharap sa Senado ng isang mungkahing kautusan na itinatakdang araw na pangilin ang ika 30 ng Nobyembre, bilang alaala sa araw na iyan na kapanġanakan ni Andrés Bonifacio. Pinagtibay naman ng Legislatura Filipina at ang bilang ng batas ay 2946. Kayâ, mula noong ika 30 ng Nobyembre ng taong 1921, ay ginagawa ng pangilin ang araw na ito sa taon-taon. Sa gayo'y napagtibay na ng mġa tunay na Kinatawang-bayang nagsisibuo ng Senado at ng Cámara de Representantes; ang mahalagang utang ng Sangbayanang Pilipinas kay Andrés Bonifacio at sa "Kataastaasan, Kagalanggalang Katipunan ng mġa Anak ng Bayan," na pinagmulan ng tagumpay ng mithing Kasarinlan sa puso ng lahat.

75.—Kailan namatay si Bonifacio at ano ang ikinamatay?—Ang mġa tanong na iyan ay mahabang salaysayin. Gayon man, ay pag-aralan nating ipatanto ang ilang bagay ukol sa pagkapatay sa kanyâ. Sa dahilang hindi nagkakaisa noong mġa unang buan ng taong 1897, ang mġa pinuno ng Paghihimagsik, na nasa sa Kabite, na sina Bonifacio, Aguinaldo at iba pa ukol sa mġa kaparaanan ng kanilang ginagampanan, ay nagkaroon ng mġa hinanakitan sa loob ang isa't isa. Ang hinanakitang yao'y isinaysay ni Bonifacio na rin sa dalawâ niyang sulat kay Emilio Jacinto, na ginawa sa Naik ukol sa ika 16 ng Abril ang isâ at ang isâ namâ'y ukol sa ika 24 ng buan ding ito ng taong 1897 na yari sa Limbon. Anopa't sa ikalawang sulat ay sinasabing siya'y mayhinala na sina Aguinaldo at ang mġa kapangkat nito'y ibig "isuko ang buong Revolucion."

"Isang balitang nakasusuka—ang wika ni Bonifacio sa sulat niyang ito kay E. Jacinto—ay ang kataksilan ng mga namiminuno sa "Magdalo." Sila'y napasakop sa kapatawaran (indulto) o kumampi sa mga kastila. Ang tinurang mga puno ay sina: Daniel Tirona, Ministro de la Guerra; José del Rosario, Ministro del Interior; José (?) Cailles, Teniente general, at ang iba pang mga tagá Tansá at pati ng "cura" roon, na mga alipuris ni Kapitang Emilio."

Nang 1896, ay may dalawang pangkat sa lalawigan Kabite na nagsisipamatnugot sa paghihimagsik doon. "Magdalo" ang pamagat ng isa na pinangunguluhan ni Baldomero Aguinaldo (kapatid ni Kapitang Emilio), at ang isa nama'y pinamagatang "Magdiwang," na pinangunguluhan naman ni Mariano Alvarez. Ang nasasakupan ng una'y ang mga bayang Kawit, Imus, Bakood, Perez Dasmariñas, Silang, Mendez Nuñez at Amadeo, at ang nauukol naman sa huli'y ang iba pang mga bayan ng tinurang lalawigan.

Nang makapasok na ang hukbó ng mga kastila sa maraming bayan ng Kabite, mula ng mapatay ang bayaning si Evangelista sa Sapote, ng ika 17 ng Pebrero ng 1897, ang pangkat na "Magdalo" ay umurong sa San Francisco de Malabon at umanib sa pangkat na "Magdiwang." At upang magkaroon ng pagkakaisa sa pamamatnugot ng paghihimagsik doon, noong ika 12 ng Marzo ng 1897, ay nagdaos ng isang pulong silang mga nagsisibuo ng dalawang pangkat upang itatag ang isang Pamahalaang Tagapamatnugot ng Paghihimagsik sa "casa-hacienda" sa Tejeros. Ang nangulo ay si Andrés Bonifacio na rin. Bago idaos ang halalan ng mga magsisibuo ng tinurang Pamahalaan, ay ipinatalastas ni Bonifacio na, anoman ang kalabasan, ay kaniyang igagalang. Ginawa ang halalan at ang kinalabasan ay itó: Emilio Aguinaldo, Pangulo; Mariano Trias, Ikalawang-pangulo; Pangulong hukbo, Artemio Ricarte; Taga-Pamatnugot ng Digma, Emiliano

Riego de Dios; at si Bonifacio ay Director del Departamento del Interior. Si Bonifacio ay hindi tumutol sa kinalabasan ng halalan; ngun- ni't si Daniel Tirona, ay tumutol sa pakaka- halal kay Bonifacio, at ipinalagay na "dapat ihalal si José del Rosario sa tungkol na pinag- lagyan kay Bonifacio," pagka't ang taong kan- yang ipinalalagay ay "lalong maykaya kay sa napahalal, sa tungkuling hahawakan." Dito, umanó, nagpakita ng hinanakit at poot si Boni- facio. Nagkaroon ng mga kasulatan ng pag- tutol sa halalang binanggit sa una. May mga tutol na linagdaan nina Andrés Bonifacio, Pro- copio Bonifacio, Mariano Trias, Pio del Pilar, Artemio Ricarte at Severino de las Alas. Makalipas araw, ay naapula rin ang tutulan at ang isa't isa sa mga nahalal at sampu ng mga pinunong sakop ng Pamahalaang yaon, ay para- parang nagsisumpa ng kanikanilang tungkol. Sa sama ng loob, ang ginawa ni Bonifacio at ng dalawa niyang kapatid na sina Procopio at Ci- riaco ay nilisan ang Kabite at pumatungo sa mga bundok ng San Mateo. Sila'y hinabol ng mga kawal ni Aguinaldo. Napatay ang kapa- tid niyang si Ciriaco. Si Andrés Bonifacio ay nagkaroon ng tatlong sugat at siya'y binihag ng mga humabol sa kanila pati ng isa niyang kapatid. Dinalá sila sa Naik at pagkatapos sa Marigundong. Tatlo naman ang nasugatan sa nagsihabol.

76.—At ano ang ginawâ sa kanila?—Sa "Bundok Buntis" sila inihantong. Isang "Hu- kom ng Digma" ang itinatag upang ang magka- patid ay mahatulan sa ibinubuhay na kasalanang umano silang dalawa'y nagtatayo ng isang lakas na isasalungat sa Paghihimagsik at nag- sisiiwas sa Pamahalaan ng Paghihimagsik. Ang tinurang hukom, ay pinangunguluhan ng binitay na si General Noriel at ang iba pang nagsisibuó, ay siná Clemente J. Zulueta; Pedro Lipana, Juez Instructor; Santos Nocon, Fiscal; at mga saksi ay sina Agapito Bonzon at Pedro Sison. Ang tagapagtanggol ni Andrés Bonifa-

cio ay si Teodoro Gonzalez, na naging kalihim niya. Ang naging hatol ng Hukuman ay ipadalá silang magkapatid sa pook ng Look, Batangan, upang doon sila mamalagi. Datapwâ, dahil, umanó, sa matinding pagsalakay ng hukbó ng mga kastilâ at sa mahigpit na kahilingan ng marami na di kaayon ni Bonifacio, ang magkapatid, ay binaril sa "Bundok Buntis," noong ika "10 ng Mayo ng 1897," isang araw bago mapasok ng hukbong Kastilâ ang Marigondong.

Malaking pagdaramdam ang naghari sa lahat ng mabalitaan ang naging wakás ng buhay ng Amá ng "Katipunan." Gayon man, ay hindi rin nagkapangkatpangkat ang mga kawal ng Paghihimagsik at ang lahat ay kumilala sa mga nahalal na pinunong nagsisipamatnugot ng Paghihimagsik sa ilalim ng kataastaasang pangungulo ni Emilio Aguinaldo. May mga ibá pang balita ukol sa nangyaring iyan kay Bonifacio. Datapwa, sa ganang atin, ay maaring buuin ang mga pangyayaring yaon ukol sa pagkamatay niya, sa ganitó:

Na, siná Bonifacio at mga kapatid ay hindi kaayon nina Aguinaldo at mga kapangkat nitó at ang gayo'y pinagmulan ng samaan ng loob ng isá't isá;

Na, ang samaan ng loob na yaon, ay tumimo sa puso ni Bonifacio, pagkaraan ng halalang ginawa ng mga Tagapamatnugot ng Paghihimagsik;

Na, si Bonifacio ay humiwalay sa Pamahalaang yaon, at ayaw kilanlin at sila'y lumban sa humabol sa kanila;

Na, siya'y hinatulan ng isang sadyang Hukuman ukol sa mga panahong yaon, at siya't ang kanyang kapatid, ay binaril sanhi sa mga kadahilanang nabanggit na; at

Bagaman nangyari ang mga malulungkot na bagay na yaon, ang Pamahalaang Tagapaghihimagsik na binanggit, ay kinilala ng mga pinamamahalaan at ng madlang kampon; at ang

Paghihimagsik na siyang pangunahing layon ni Bonifacio, ay naganap ngâ.

77.—Anó ang palapalagay hinggil sa pakapatay kay Bonifacio?—Hindi nagkakaisa ang lahat sa kanilang kuro at palagay ukol sa pagkapatay na yaon sa Ama ng ating Paghihimagsik. Nagkakasalungatan at nagkakaibâ. May nagsasabing tumpak at may nagsasabing hindi. Si José Clemente Zulueta ang siyang, umanó, nagsabi, na “Kailangán sa ikapagtatagumpay ng Paghihimagsik ang pagkapatay kay Bonifacio, ng mga panahong yaon”; at ang kilalang mananalaysay na si Epifanio de los Santos, sa kanyang isinulat ukol kay Bonifacio, na pinagkunan ng ilang mahalagang salaysay ng munting aklat na ito, ay wari’y nagpapakilala ng pagsang-ayon sa kuróng yaon ni Zulueta; subali’t si Mabini, ang Dakilang Lumpo, ay kasalungat. Anitó sa kanyang talàang ukol sa Paghihimagsik:

“Sino mang sumuri—ang wika ni Mabini—ay walang matatagpuang bahagya mang katwiran na sukat magpagaan sa inasal na yaon ni Aguinaldo (kay Bonifacio). Si Andrés Bonifacio—ang patuloy—ay di maipalalagay na may mababang kakayahan at dunong sa sinoman sa mga napahalal sa pulong na yaon, (halalan ng ika 12 ng Marzo, 1897) bagkús pa ngang nagpakita ng katalinuhan at kakayahang di karaniwan sa kanyang pakapagtatag ng “Katipunan.” Lahat ng mga manghahalal ay paraparang mga kaibigan ni G. Emilio Aguinaldo at ni G. Mariano Trias na nangagkakaisá, samantalang si Bonifacio ay pinagaalinlanganan, bagama’t nagpakilala ng isáng malinis na kaugalian, dahil lamang sa siya’y hindi tagá Kabite; iyan ang sanhi ng kanyang hinanakit. Ganoon pa man, ang paghihinanakit na ito ni Bonifacio ay di niya ipinakilala sa anomang marahas na pagtutol, at sa katunaya’y ng makita niyang sinoma’y di nagsusumakit sa ikapagkakasundo nila, ay nagkasya na lamang sa pagalis sa lalawigan ng Kabite upang tumungo sa San Mateo na kasama ang kanyang mga kapatíd. Kung aalagatain na si G. Aguinaldong nahalal na pinuno, ay siyang kaunaunahang dapat managot sa di paggalang at pagsunod sa Pangulo

ng "Katipunan" na kanyang kinasasapian; kung gugunitain na ang pagkakasundo nila ay siyang tumpak na lunas sa mahigpit at masealang katayuan ng Paghihimagsik, ang sanhi ng pagkakapatay (kay Bonifacio), ay di maring ipalagay kundi isang hangarin lubhang nakasisirang puri doon: sa ano't paano man ang gayong kapaslangan ay siyang kauunahang tagumpay ng pagimbol laban sa tunay na pagibig sa bayan..."

Sa pagaalaalang baká hindi namin naisalin sa wikang sarili ang tunay na kahulugan ng mga pangungusap ni Mabini, ay sipiin nating buongbuo ang kanyang sulat sa wikang kastila, na anyay:

"La crítica no encuentra justificación ni siquiera atenuante para esta conducta del Sr. Aguinaldo. Andrés Bonifacio no era menos instruido que cualquiera de los elegidos en la reunión mencionada, y había demostrado sagacidad no común organizando el Katipunan. Todos los electores eran amigos de Don Emilio Aguinaldo y Don Mariano Trías que estaban unidos, mientras que Bonifacio era mirado con desconfianza, a pesar de haber demostrado un carácter íntegro, solamente porque no era de la provincia; así se explica su resentimiento. Sin embargo esto no se manifestó por ningún acto de violenta oposición, pues, viendo que nadie trabajaba por la reconciliación, se contentó con salir de la provincia para San Mateo en compañía de sus hermanos. Cuando se considera que el Sr. Aguinaldo, jefe elegido, había sido el primer responsable de insubordinación al jefe del Katipunan a que pertenecía como miembro; cuando se reflexiona que la reconciliación era la única solución apropiada al estado crítico de la revolución, el móvil del asesinato no puede atribuirse sino a sentimientos que altamente deshonran a aquel: de todos modos semejante crimen constituye el primer triunfo de la ambición personal contra el verdadero patriotismo..."

Sa harap naman ng matipuno at may katulisang mga pangungusap na iyan ni Mabini, ay naito ang ilang katotohanan. Sa sariling talaan ng asawa ni Bonifacio, na ang sagisag ay "Lakambini," na ipinadala kay Emilio

Jacinto, ay sinasabing si Coronel Agapito Bonson, ay siyang sa boong pitagan ay umanyaya sa kanyang asawa, "upang magawa ang pakikipagkasundo," anyaya ito na tinanggihan ni Bonifacio. Si Antonino Guevara naman, isá sa mga kaayon ni Bonifacio, sa isáng sulat kay Emilio Jacinto buhat sa Laguna, ika 3 ng Mayo, 1897, ay nagsasabing sina Coronel Intong at iba pang puno ay nagsadya sa bahay ni Bonifacio, upang hikayatin ito na mili ng bayang ibig niyang karoroonan ng sa gayo'y huwág silang magkahihiwalay. Hindi tinanggap ang gayong anyaya at payo, at sumagot ng ganito:

"Patatawarin ninyo kundi ko matanggap ang inyong anyaya sa akin. Di na ako manumbalik kailan man, pagka't hindi ko na matitiis ang mga ginawâ sa akin. Una'y pinagdadamutan kami sa kakanin, at anô ang aking gagawin sa mga balo't nangaulila, ang mga anak at mga asawa, na nangatirâ dahil sa labanan sa Malabon at Nobeleta? Inaakala ko—ang patuloy—na kung sa inyó mangyayari ang mga bagay na itó at buo ang inyong mga puso, kayo mang iyan, ay aabutin din ng yamot at hinawa. Ikalawa: naririnig ko rian na akó raw ay isáng taong walang kabuluhan dito sa lalawigan ng Kabite at sa gayo'y dapat akong huwág kilalanin. Sa ganito ngâ, ang marapat ay lisanin ko ito, yayamang di mawawalan ng maaawa sa akin sa mga lalawigan ng Maynilâ, Bulakán at Nueva Esiha." Ang sagot ng mga kausap ay, 'Kung gayon, ay kami'y magsisiuwi na pagka't ang mga tao nami'y hindi pa nagsisikain.'"

Katotohanan din naman na, kung napipilian ang paghihimagsik sa lalawigan ng Kabite, ay nakaganti naman sa pagsalakay na ginawa sa mga kaaway sa Batangan, Laguna, Rizal, Bulakan, Bataan, Nueva Esiha, Kapangpanan, Tarlak, Pangasinan, at iba pa. Ito'y nangyari pagkatapos nang mapatay si Bonifacio. Sa makatwid, ang pagkakaisa ay di nasira ng gayong napakalungkot na pagkitil sa buhay ng Ama ng Paghihimagsik. Parapara pang nangagkaroon ng ibayong tapang, ayon sa mga nagawang pagpapagupo sa hukbó ng mga Kas-

tilà, na natatalá sa Kasaysayan, hanggang sa napilitang kilanlin n̄g pamahalaang kastilà ang pamahalaan n̄g Paghihimagsik sa tinatawag na kasunduan sa “Biak-na-Bato.”

Gaya n̄g sinabi na, mahabang salaysayin ang buông pangyayari hinggil sa pagkamatay kay Andrés Bonifacio. N̄guni't sa ano't paano man, ay minsan pang napatunayan na ang m̄ga dakilang bayani n̄g isang bayan o n̄g isang adhikang matayog na pangpatubós, katulad ni Andrés Bonifacio, ay karaniwang namamatay sa “hindi talaga n̄g Dios.” At napatunayan din naman ang pagibig sa Tinubuan n̄g m̄ga kawal n̄g “Katipunan” at gayon din n̄g bayan sa pagsunod sa “iisang pamamanihalà,” bagama't kinitlan n̄g buhay ang nagsikap, nagmunakala at nagsimulâ n̄g Paghihimagsik, at iyang kalinisan n̄g adhikà n̄g m̄ga taong bayan sa pakikibaka dahil sa ikalalayà n̄g lupang sarili, ay napatampok hanggang sa naihatid sa tagumpay ang Bayan.

Samantala'y pabayaan na natin ang Istorya—na di maáaring magbulaan at pabulaanan—na maalam maggawad n̄g marahás na parusa sa sinomang sa kanya'y magkulang, ang siyang magpasyà sa pagkamatay na iyan n̄g Dakilang Dukhâ n̄g ating Lahî.

78.—May m̄ga sulat bang naiwan si Bonifacio?—Mayroon. M̄ga pahayag ukol sa paghihimagsik, “Ang dapat mabatid n̄g m̄ga Tagalog,” “Ang Pagibig sa Tinubuang bayan,” (tula) at iba pa. N̄guni't ang lalong pinakamahalaga, bukod sa palatuntunan at m̄ga aral n̄g “Katipunan,” at ang “Katungkulang gaganin n̄g m̄ga Anág n̄g Bayan,” ay ang “Huling Paalam” ni Rizal, na kanyang isinatagalog sa gitna n̄g pagdadagundong n̄g Paghihimagsik, na siyang inaawit n̄g ating m̄ga kawal n̄g sila'y nakikipaglaban sa Kastilà.

Naito ang pahimakas ni Rizal na isinatagalog niya:

PAHIMAKAS NI DR. JOSE RIZAL

Pinipintuho kong Bayan ay paalam,
lupang iniirong ng sikat ng araw,
mutiang mahalaga sa dagat Silangan,
kalualhatian sa ami'y pumanaw.

Masayang sa iyo'y aking idudulot
ang lanta kong buhay na lubhang malungkot;
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay akin ding handog.

Sa pakikidigma at pamimiyapis
ang alay ng iba'y ang buhay na kipkip,
walang agam-agam, maluag sa dibdib.
matamis sa puso at di ikahapis.

Saan man mautas ay di kailangan,
cipres ó laurel, lirio ma'y patungan
pakikipaghamok, at ang bibitayan,
yaon ay gayon din kung hiling ng Bayan.

Ako'y mamatay, ngayong namamalas
na sa silanganan ay namamanaag
yaong maligayang araw na sisikat
sa likod ng luksang nagtabing na ulap.

Ang kulay na pula kung kinakailangan
na maitim sa iyong liway-way,
dugo ko'y isabog at siyang ikinang
ng kislap ng iyong maningning na ilaw.

Ang aking adhika sapul magkaisip
ng kasalukuyang bata pang maliit,
ay ang tanghaling ka at minsan masilip
sa dagat Silangan hiyas na marikit.

Natuyo ang luhang sa mata'y nunukal,
taas na ang noo't walang kapootan,
walang bakas kunot ng kapighatian
gabahid man dunngis niyong kahihiyan.

Sa kabuhayang ko ang laging gunita
maningas na aking ninanasa-nasa
ay guminhawa ka ang hiyaw ng diwa
pag hingang papanaw ngayong biglang-bigla.

Ikaw'y guminhawa laking kagandahang
ako'y malugmok, at ikaw ay matanghal,
hininga'y malagot, mabuhay ka lamang
bangkay ko'y masilong sa iyong Kalangitan.

Kung sa libingang ko'y tumubong mamalas
sa malagong damo mahinhing bulaklak,
sa manga labi mo'y mangyaring ilapat,
sa kaluluwa ko halik ay igawad.

At sa aking noo nawa'y iparamdam,
sa lamig ng lupa ng aking libingan,
ang init ng iyong pag hingang dalisay
at simoy ng iyong pag giliw na tunay.

Bayaang ang buwan sa aki'y ititig
ang liwanag niyang lamlám at tahimik,
liwayway bayaang sa aki'y ihatid
magalaw na sinag at hangang hagibis.

Kung sakasakaling bumabang humantong
sa cruz ko'y dumapo kahi't isang ibon
doon ay bayan humuning hinahon
at dalitin niya payapang panahon.

Bayaan ang ningas ng sikat ng araw
ulá'y pasingawin noong kainitan,
magbalik sa langit ng boong dalisay
kalakip ng aking pagdaing na hiyaw.

Bayaang sino man sa katotong giliw
tangisang maagang sa buhay pagkitil;
kung tungkol sa akin ay may manalangin
idalangin Báyan yaring pagka himbing.

Idalanging lahat yaong nangamatay,
nangagtiis hirap na walang kapantay;
mga iná naming walang kapalaran
na inahihibik ay kapighatian.

Ang mga bao't pinapangulila,
ang mga bilangong nagsisipag dusa:
dalanginin namang kanilang makita
ang kalayaan mong, ikagiginhawa.

At kung ang madilim na gabing mapanglaw
ay lumaganap na doon sa libingan't
tanging mga patay ang nangag lalamay,
huwag bagabagin ang katahimikan.

Ang kanyang hiwaga'y huwag gambalain:
kaipala'y maringig doon ang taginting,
tunog ng gitara't salterio'y mag saliw,
ako, Báyan, yao't kita'y aawitin.

Kung ang libingan ko'y limót na ng lahat
at wala ng kruz at batóng mabakas,
bayang linaagin ng taong masipag,
lupa'y asarolin at kanyang ikalat.

At mga buto ko ay bago matunaw
máowi sa wala at kusang maparam,
alabók ng iyong latag ay bayaang
siya ang babalang doo'y makipisan.

Kung magka gayon na'y aalintanahin
na ako sa limot iyong ihabilin
pagka't himpapawid at ang pang'anorin
mga lansangan mo'y aking lilibutin.

Matining na tunóg ako sa dingig mo,
ilaw, mga kulay, masamyong pabanḡó,
ang úgong at awit, pag hibik sa iyo,
pag asang dalisay nḡ pananalig ko.

Báyang iniiróg, sákit niyaring hirap,
Katagalugang kong pinakaliliyag,
dingin mo ang aking pagpapahimakas:
diya'y iiwan ko sa iyo ang lahat.

Ako'y patutunḡo sa walang busabos,
walang umiinis at verdugong hayop:
pananalig doo'y di nakasasalot,
si Bathala lamang doo'y haring lubos.

Paalam, magulang at mga kapatid
kapilas nḡ aking kaluluwa't dibdib
mga kaibigan bata pang maliit
sa aking tahanan di na masisilip.

Pag pasalamatan at napahingá rin,
paalam estrangḡerang kasuyo ko't aliw,
paalam sa inyo mga ginigiliw:
imamatay ay siyang pagkagupiling!

KATUNGKULANG GAGAWIN NG MGA ANAK NG BAYAN

(Dekalogong sinulat ni Andrés Bonifacio)

I

Ibigin mo ang Dios ng boong puso.

II

Pakatandaang lagi na ang tunay na pagibig sa Dios ay siya ring pagibig sa Tinubuan, at iyan din ang pagibig sa kapwa.

III

Itanim sa iyong puso na ang tunay na kahalagahan ng purit kaginhawahan ay ang ikaw'y mamatay dahil sa ikaliligtas ng Inang-Bayan.

IV

Lahat ng iyong mabuting hangad ay magwawagi kapag ikaw'y may hinahon, tiyaga, katwiran at pag-asa sa iyong inaasal at ginagawa.

V

Pagingatan mo, kapara ng pagiinagat sa sariling puri, ang mga pasya at adhikain ng K. K. K.

VI

Katungkulan ng lahat na, ang nabibingit sa malaking kapahamakan sa pagtupad ng kanyang tungkulin ay iligtas sukdang ikapariwara ng sariling buhay at kayamanan.

VII

Ang kaugalian natin sa ating sarili at sa pagtupad ng ating tungkol ay siyang kukunang halimbawa ng ating kapwa.

VIII

Bahaginan mo ng iyong makakayanan ang sino mang mahirap at kapus-palad.

IX

Ang sipag sa paggawa na iyong ikabubuhay ay siyang tunay na sanhi ng pagibig, pagmamahal sa sarili, sa iyong asawa't mga anak, sa iyong kapatid at mga kababayan.

X

Parusahan ang sinomang masamang tao't taksil at purihin ang mabubuting gawa. Dapat mong paniwalaan na ang tinutungo ng K. K. K. ay mga biyaya ng Dios; na anopa't ang mga ninasa ng Inang-Bayan, ay mga nasain din ng Dios.

(Salin ng nasa sa wikang kastila)

MGA TALANG MATATAGPUAN SA AKLAT NA ITO

- 1521.**—Ika **26** ng **Marzo**, kaunaunahang pagdatal sa Pilipinas ng mga kastila.
- 1863.**—Ika **30** ng **Nobyembre**, kapanganakan kay Andrés Bonifacio.
- 1872.—Ika 28 ng Pebrero, pagbitay kiná Gomez, Burgos at Zamora.
- 1892.—Ika 26 ng Hunyo, paglunsad ni Rizal sa Maynila.
- 1892.**—Ika **7** ng **Hulyo**, pagkakapabilanggo kay Rizal ni General Despujol, sa Fuerza de Santiago.
- 1892.**—Ika **7** ng **Hulyo**, pagkakatatag ng “Katipunan.”
- 1896.—Ika 1 ng Enero, pagkakahalal sa mga mag-sisibuo ng Panguluhan ng “Katipunan.”
- 1896.—Ika 1 ng Enero, unang labas ng pahayagan ng “Katipunan” na ang pamagat ay “Kallayaan.”
- 1896.—Buwan ng Mayo, sinugo ni Bonifacio si Dr. Valenzuela kay Rizal.
- 1896.—Ika 5 ng Hulyo, sulat ng pinuno ng sibil na si Sityar sa mga pinunong kastila sa Maynila.
- 1896.—Ika 5 ng Agosto, paglunsad ni Rizal sa Maynila buhat sa Dapitan.
- 1896.—Ika 5 ng Agosto, tinangka ng mga “Katipunan” na iligtas si Rizal.
- 1896.—Ika 13 ng Agosto, sulat ng “cura” sa Sampiro kay Luengo.
- 1896.**—Ika **17** ng **Agosto**, pulong na idinaos ng “Katipunan” sa “Kankong.”
- 1896.**—Ika **19** ng **Agosto**, pagkatuklas ng “Katipunan” ni P. Mariano Gil.
- 1896.—Ika 27 ng Agosto, paglipat nina Bonifacio sa Balakbak.

1896.—Ika 28 n̄g Agosto, pagkalagda n̄g pahayag sa paghihimagsik.

1896.—Ika 29 n̄g Agosto, pasyang pagsimula n̄g paghihimagsik, na iniuutos sa pahayag ni Bonifacio.

1896.—Ika **29 n̄g Agosto**, pagkakalabanang mahigpit n̄g m̄ga “Katipunan” at kawal n̄g kastila sa Balintawak at iba pa.

1896.—Ika **30 n̄g Agosto**, araw na ipinasyang pag-salakay sa Maynila.

1896.—Ika **30 n̄g Agosto**, ipinasya ni General Blanco na gawing pook n̄g digmaan ang m̄ga lalawigang Maynila, Bulakan at iba pa.

1896.—Ika **4 n̄g Septiembre**, kaunaunahang m̄ga ipinabaril n̄g m̄ga kastila.

1897.—Ika 17 n̄g Pebrero, pagkakapasok n̄g m̄ga kastila sa Sapote.

1897.—Ika 17 n̄g Pebrero, pagkapatay kay Evangelista.

1897.—Ika **12 n̄g Marzo**, halalan sa “casa-hacienda” sa Tejeros, Kabite.

1897.—Ika 24 n̄g Abril, sulat ni Bonifacio kay Emilio Jacinto.

1897.—Ika 3 n̄g Mayo, sulat kay Emilio Jacinto ni Antonino Guevara.

1897.—Ika **10 n̄g Mayo**, pagkabaril kay Bonifacio at sa kanyang kapatid na si Procopio.

1897.—Ika **4 n̄g Agosto**, Kasunduan sa Biak-na-Bato.

1898.—Abril, pagsimula n̄g digmaan n̄g España at Estados Unidos.

1898.—Ika 1 n̄g Mayo, pagkakapalubog n̄g m̄ga pangdigmang dagat n̄g m̄ga amerikano sa m̄ga pangdigma n̄g m̄ga kastila.

1898.—Ika 15 n̄g Mayo, paglunsad ni Aguinaldo sa Maynila, buhat sa Hongkong.

1898.—Ika **24 n̄g Mayo**, pagtanghal n̄g paghimagsik at pagiging Dictador ni Aguinaldo.

1898.—Ika 12 n̄g Hunyo, pagkakatanghal n̄g uri n̄g Pamahalaang sarili.

1898.—Ika **13 n̄g Agosto**, pagsuko n̄g Maynila sa m̄ga amerikano.

1898.—Ika **15 n̄g Septiembre**, pagkakaraos n̄g unang kapulungang-bayan n̄g pamahalaang sarili sa Malolos.

1898.—Ika 29 n̄g Nobyembre, pagkakapagtibay n̄g pangulong-batas (Constitucion).

1898.—Ika 20 n̄g Disyembre, paghintó n̄g digmaan n̄g España at Estados Unidos.

1899.—Ika 4 n̄g Enero, pagkakapagutos n̄g Pangulong McKinley na ipakilala sa m̄ga pilipino ang kapangyarihan n̄g Estados Unidos.

1899.—Ika **21 n̄g Enero**, pagkakatanghal n̄g Republica Filipina sa Malolos.

1899.—Ika **4 n̄g Pebrero**, simula n̄g labanan n̄g m̄ga amerikano at pilipino.

1899.—Ika 6 n̄g Pebrero, pagkakapagtibay n̄g Senado n̄g Estados Unidos sa kasunduan n̄g bayang ito at n̄g España ukol sa Pilipinas.

1901.—Ika **23 n̄g Marzo**, pagkakadakis kay Emilio Aguinaldo.

1901.—Abril, simula n̄g hayagang pagpaparangal kay Bonifacio sa daang Alvarado.

1902.—Pebrero, pagsuko ni General Lukban.

1902.—**Hunyo**, pagsuko ni General Malvar.

1911.—Ika **3 n̄g Septiembre**, pagtatayo n̄g bantayog sa m̄ga Bayani n̄g 96.

1920.—Ika 30 n̄g Nobyembre, paghaharap ni Senador Lope K. Santos, n̄g bill ukol sa kaarawan ni Bonifacio na n̄gayó'y batás na hlg. 2946.

1921.—Ika **30 n̄g Nobyembre**, simula n̄g pagiging araw na pangilin, alangalang kay Bonifacio.

Ang "Kartilyang Makabayang" itó,
ay ginawá sa pálimbagan ni
Juan Fajardo, daang Avenida
Rizal 640, Santa Cruz, Maynila.
Sinimulán ang paggawa ng ika
19 ng Nobyembre ng 1922, at
natapos ang paglimbag nang ika
27 ng tinurang buwán at taón.

Filmed by Preservation

1997

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN



Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Filmed by Preservation

1997

HALAGA:

P0.40 ang sipl

**P0.60 ang sipl na
sadyang balat**

**Paraparang sadyang
papel**

B 681,075

STOR

DS

675.5

.C95



Cruz, Hermenegildo.

Filmed by Preservation

Kartilyang makabag 1997